

Ang Katotohanan at Kabutihan ng “Kagandahan”

Virgilio S. Almario

National Artist for Literature

ANO BA ANG “Kagandahan”? Mahiwaga nga ba ito? Magdaraya? May “Kagandahan” nga bang walang silbi? Matagal nang dapat sipatin at titigan ang “Kagandahan.” Upang mahango ito mula sa kumunoy ng mga popular at akademikong haka’t pananaw, katulad ng mga binanggit ko sa mga tanong sa itaas, mga nagkakatulungan ngunit nakapipinsalang popular at akademikong haka’t pagtanaw na itinanim at nilinang ng ating nakasulat na kasaysayan. Isinusulat ko ngayon ang “Kagandahan” nang may malaking titik at nakapaloob sa panipi upang ipahiwatig ang aking pagtuturing dito bílang problema sa pagtitig at upang ibukod ito sa kagandahan ng pakahulugang pambalana sa katangiang ito. Kailangang iligtas ang “Kagandahan” sa kinasadlakang piitan ng ating pagwawalangbahala. Sinasabi nating “magandang bulaklak” o “magandang damit” at sa paraang tila alam na ng lahat ang kagandahang nais nating tukuyin. Sinasabi rin nating masyadong maurirat ang sinumang magtatanong pa kung bakit maganda ang bulaklak at ano ang maganda sa damit. At totoo naman, sa paglakad ng panahon, may nabuo na táyong mga pagkakaisa sa katangiang tinatawag nating kagandahan. Isang katangiang tunay namang taglay ng maraming bagay sa ating paligid, ang katangian ng buwan, bukirin, busáy, atbpang itinatangi nating aspekto ng kalikásan o ng maraming obhetong pangkultura na ginawa ng tao (bahay, bangka, tabak, lambat, sombrero, atbp, bukod sa damit) at binibigyan ng ganitong uri ng pagpapahalaga.

Ngunit wika ko, “sa paglakad ng panahon,” at taglay ng parirala ko ang isang panukala na bunga ng kasaysayan ang anumang pamantayan natin ng kagandahan. Ang ibig sabihin, at bílang bahagi ng bokabularyong pangkultura (o wikang pangkalinangan, para higit na luminaw ang ninanais kong koneksiyon), “nilinang” ito at produkto ng pinagdaanang mga karanasan ng isang pangkat ng tao. Na dahil sa pangyayaring ito mismo ay hindi natin nauusisa kung ano nga ba ang ibig nating tukuying maganda. Na dagdag pa dahil malimit nating maranasan, maaaring nagkakaisa o napagkakaisahang pamantayan ito sa loob ng isang maliit na komunidad ngunit isang pagkakaisang mahirap maganap sa isang bansang tulad ng Filipinas na may iba’t ibang pangkating pangkultura. Halimbawa, panahon pa ng Americano ipinahayag na pambansang bulaklak ang sampagita ngunit may mga nagmumungkahi hanggang ngayon na ilang-ilang ang higit na karapat-dapat. Masisira ang kredibilidad ng lupon ng inampalan kung isang Tiboli o isang Ilokano ang nakaupô sa isang paligsahan kung alin ang mas magandang damit sa tinalak o sa inabel. Lalong malaking sakít ng ulo ang pagtukoy sa “Kagandahan” ng isang tula, pintura, eskultura, o anumang tinatawag na likhang-sining, at siyá kong nais pagtuunan ng pagsipat at pagtitig.

Sa dakong ito pa lámang ay ninanais ko nang ipanukala ang “Kagandahan” bílang isang pangngalan/pang-uri sa isang natatanging likha ng tao at itinatangi alinsunod sa gayong pamantayan. Sa kabilâng dako, ninanais ko ring ipanukala na bunga ng ating kasaysayang pambansa ay hindi umiral ang gayong pamantayan sa paraang pambansa, at lalo na sa maituturing na uri ng lumaganap at popular na pagpapahalaga sa “Kagandahan.” Kaugnay ng naturang panukala ay hindi ko naman ninanais igiit lámang ang guwang sa panlasa ng isang edukadong titser at ng isang tinderero ng taho. Totoong kagyat mamamangha ang isang barbero kapag ipinagparangalan ng isang *art critic* ang kagandahan ng pintura ni Ang Kiukok. Subalit hindi ito simpleng pagkakahating “burges/masa” sa ating lipunan. May *art critic* na magpapahayag ng higit na kagandahan ng Fernando Amorsolo kaysa Ang Kiukok. Subalit hindi rin ito basta pagkakaiba ng “paaralang pangkagandahan” sa sining. Huwag nating lubusang isisi sa kamangmangan ng barbero ang ating sarili’t napag-aralang kamangmangan. “Nilinang” din ng ating edukasyon sa sining kahit ang mga naturang paraan ng paglutas sa nagtutunggaling pagpapahalaga sa “Kagandahan.” Samantala, malaki ang posibilidad na may iba pang isyu’t kontrobersiyang pansining ang nananatiling nakalutang sa ating isip dahil na rin sa malabò at paimbabaw nating

pagtitig sa “Kagandahan” at lalo na, dahil sa higit nating pagsisikap na ituring ito nang hiwalay sa totoo at mabuti.

Bukod pa, ninanais kong buklatin ang pangyayari kung bakit ang lumaganap na pagpapahalaga sa “Kagandahan” ay ginagamit sa paraang waring **naganap-na**: isang pangyayaring historikal, ngunit walang pinagdaanang kasaysayan kayâ naipatuturing na bahagi ng kalikásan kung hindi man katutubo sa ating wika, at kayâ sinasabi ring unibersal. Na siyá ring ibinabalik na katwiran upang ipaliwanag ang kaganapan-sa-sarili ng “Kagandahan,” ang ibig sabihin, katutubo ito at unibersal kayâ hindi nanganailangan ng kasaysayan. Sapagkat higit na nakairal ang pangyayaring ito sa sapin o bahaging popular ng ating pambansang kamalayan, ninanais kong gamiting ehemplo ang pormasyon ng naturang hubog ng “Kagandahan” sa isip ng madla samantalang binubuklat at inuusisa ang mga yugto ng pormasyon sa pamamagitan ng teksto’t pangyayaring pampanitikan.

Mula sa mga naunang talakay ay nais kong tukuyin ang ilang makabuluhang daloy ng aking pagsipat at pagtitig sa pormasyon ng “Kagandahan” sa loob ng sitwasyong Filipino. Una, nakatuon ang aking sipat sa naging kasaysayan ng “Kagandahan” sanhi ng kolonyalismo at kayâ higit na magtatangi sa pagkatha nitó alinsunod sa Kristiyano’t Kanluraning karanasan ng bansa. Ikalawa, at sa kabila ng naunang panukalang tuon ng sipat, magsigang ang aking titig sa pagtuklas ng mga posibleng ugat na katutubo’t sinauna bago nasapnan o nabalutan ng halagahang kolonyal at Kristiyano. Ikatlo, nakasalig ang pagtugaygay ko sa pormasyon ng “Kagandahan” sa tekstong Filipino—na di-maiiwasang mga limbag na teksto, kahit sa mga halimbawang malinaw na produkto ng panitikang-bayan ngunit naging bahagi ng dokumentasyong pangwika at pampanitikan sa panahon ng kolonyalismo—bagaman palagiang inusisa ng pagtitig sa bawat tekstong Filipino ang posibleng bahid ng naturalisadong sangkap na Kristiyano’t Kanluranin. Ikaapat, kailangang ipanukala ng pagtitig ang mga posibilidad ng pag-iba at paghiwalay ng anyo’t pahayag na Filipino sa kahit inulirang konseptong Kanluranin. Ikalima, pagkatapos ng lahat, ang naging pormasyon ng “Kagandahan” alinsunod sa kasaysayang Filipino ay makabuluhang aspekto ng pagpapahalagang Filipino at isang aktibong puwersang umiimpluwensiya sa nagiging anyo at talakay sa “Kagandahan” sa kasalukuyan.

Matagal nang ipinahayag na hindi unibersal ang “Kagandahan.” Iba ito halimbawa sa *beautiful* ng Ingles at sa *belleza* ng Español. Bagaman, da-

hil sa kasaysayan, lalo na dahil sa ating kasaysayang kolonyal, marami nang katangian ng *belleza* at *beautiful* ang napasanib sa popular at akademikong paghaka ngayon ng “Kagandahan.” Hindi rin dapat kaligtaan ang mga diakalaing pagkakahawig ng katutubo sa “Kagandahan” at ng ipinalalagay ding katutubo sa ganitong dalumat sa ibang bansa o ibang panig ng mundo. Isaalang-alang ang ganitong pangyayari: Hindi naman sinabi ng mga misyonero na di-maganda ang mga likha ng ating mga ninuno. Idineklara lámang nilá itong mga “likha ng demonyo” ngunit waring itinuring ng mga binyagang Indio na dahil likha ng demonyo ay hindi nga maganda ang sining ng pag-ukit ng mga sinaunang bathala’t diwata. Dahil sa bago niláng pagsampalataya, itinakwil ng mga binyagang Indio kung hindi man kinalimitan (o ipinalimot?) ang kanilang nagsinang sining. Naglaho ang kung anumang iyong sinaunang maganda’t katutubong sining ng pag-ukit ng mga binyagang Indio at nabalutan/napailalim sa isinapi/isinapin na Kristiyanong sining. Ang sining ng maganda’t Kristiyano, siyempre, ang malimit na nakakaengkuwentro ngayon ng mga antropologo sa mga pook ng binyagang Kristiyano. Matagal nang trabaho ng antropolohiya ang pagtukoy sa mga sangkap na pandaigdigang sangkatauhan. Ngunit higit na nahuhulog ang mga paghukay na antropolohiko sa mga tagpo ng pagsasanga bago matagpuan ang simula, sa mga paghihidwa nang hindi matunton ang unang sanhi, sa mga kopya’t inobasyon bago ang nag-iisa’t hakang Ulanan, sa mga bakás palayò sa unang hakbang, kung bagá, sa dalampasigan ng isda ni Darwin.

Kayá hindi mahalinhang ang Agham ang Pagsampalataya.

Ngunit Pagsampalataya din ang ugat ng “Kagandahan” bílang unibersal. Sang-ayon sa mga mito, bahagi ito ng santinakpang nilikha ng isang Panginoong Maykapal. Katutubo din at matalik na bahagi ito ng lahat ng bagay na bunga ng Dakilang Paglikha at kayá maaaring tukuyin alinsunod sa ikinalulugod na katangian ng Kalikásang Pandaigdig. Gayunman, ang kasaysayan ng Pagsampalataya ang siyá ring patnubay sa naging pagpangitain sa “Kagandahan.” Bawat Pagsampalataya ay nag-iwan ng hubog at paglalarawan sa ulirang “Kagandahan”—kani-kaniya, iba-iba—at maituturing ngayong dokumentasyon sa pagiging di-unibersal ng pagpangitain sa “Kagandahan” ng iba-ibang Pagsampalataya.

“Magpaglilong Kagandahan”

ANG PARAAN NG PAGTUKOY sa “Kagandahan” alinsunod sa naging mga dominanteng Pagsampalatayang Kanluranin, sa kasawiang-palad, ang pinairal sa atin ng ating kasaysayang kolonyal at naging matingkad na bahagi ng ating popular na kamalayan. [Bagaman may mga palatandaan ng gayunding epekto ng sinaunang pagsampalataya sa mga relikyang sinaunang likha at matandang panitikang-bayan. Dapat itong igawa ng isang hiwalay na titig.] Kayâ naging popular na hambingan natin ng “maganda” si Venus ng mitolohiyang Griego-Romano o si Birheng Maria ng Kristiyanismo. Dahil sa pagsamba, o dahil sa lubos na pagtitiwala sa edukasyong Kanluranin, ni hindi natin inusisa ang kronolohiya ng pagpangitain kay Venus at kay Birheng Maria, gaya ng dapat inunawa nating epekto ng pagwasak sa poleteistikong pagsampalatayang Griego-Romano ng monoteistikong relihiyong Kristiyano, upang maigawa ng magkabukod na dambana sina Venus at Birheng Maria. Sa mga edukado ngayon, maaaring maipahiwatig ang pagkakaiba sa lastag na pag-imahen sa kapanganakan ni Venus sa ibabaw ng kabibe at sa nakabálot sa saplot na Inmaculada Concepcion. Ngunit sa karaniwang makata sa panahon ng awit, korido, at komedya, ang bawat butihing prinsesa ay maaaring ihambing nang magkasabay kay Venus at kay Birheng Maria. Sa *Florante at Laura*, halimbawa, si Laura ang epitome ng “Kagandahan” alinsunod sa pagtanaw at pagpapahalaga ni Florante. Nang unang mamalas ni Florante si Laura, inilarawan niya ang prinsesa ng Albania sa ganitong paraan:

“siyáng pamimitak at kusang nagsabog
ng ningning ang talàng kaagaw ni Venus.
Anaki ay bagong umahon sa bubog,
buhok ay naglugay sa perlas na batok;

“tuwang pangalawa kung hindi man langit
ang itinatápon ng mahinhing titig.
O ang luwalhating buko ng ninibig,
pain ni Cupidong walang makadakip!

“Liwanag ng mukha’y walang pinag-ibhan
kay Febo kung anyong bagong sumisilang;
katawang butihin ay timbang na timbang
at mistulang ayon sa hinhin ng asal.”

Dapat nating ipagpalagay na isang Kristiyano si Florante. [At siyempre, Kristiyano si Balagtas.] Ngunit dapat din nating ipagpalagay na natutuhan niya sa Atenas ang mitolohikong pagsilang ni Venus sa ibabaw ng mga alon sa dagat, gaya ng ginugunita sa dakilang pintura ni Botticelli, at iyon ang unang ipinagunita sa kaniya ni Balagtas nang lumitaw si Laura hábang kinakausap siyá ni Haring Linceo. Ngunit isang Kristiyanisadong Venus na si Laura. Bagaman may buhok na tila nakalugay na perlas sa batok ng isang paganong diyosa, tigib ang prinsesa sa “mahinhing titig” at “hinhin ng asal” ng isang Kristiyanong santa. Isang marikit na tagpo ito ng nagsanib na bayagang Europeo’t Kristiyano sa popular na sapin ng pambansang kamalayan, nagsanib na ang “Kagandahang” Europeo’t Kristiyano sa pag-imahen kay Laura, nabuo nang magkasanib sa pagkakatanghal ni Balagtas, at hindi nahahalungkat ang naging kasaysayan.

Gayunman, saglit na kutitap lámang ito sa nadirimplang isip ng binata. Bago ito’y inaalaala niya ang sanhi ng kaniyang kasawian, ang mga kabuktutang nilikha ni Adolfo dahil sa labis na pag-ibig sa kapangyarihan, at lubha niyang ipinagngitngit ang hinala na pinagtaksilan siyá pati ng kasintahan. Sa laot ng kaniyang panibugho ay naihibik niya nang buong pait sa ika-41 saknong ng awit:

“Katiwala ako’t ang iyong karikitan
kapilas ng langit, anaki’y matibay;
tapat ang puso mo’t di nagunamgunam
na ang paglililo’y nása kagandahan.

Buntis sa napag-aralang kabuluhan ng “Kagandahan” ang nabanggit na ipinapahayag ni Balagtas kay Florante. Pangunahin dito ang halos natural na pagbibigay ng “tiwala” sa kagandahan at ang naganap na ring pagsira (“paglililo”) sa gayong tiwala—ang Orihinal na Kasalanan—sang-ayon sa Bibliya. Naglahò ang Eden dahil sa unang pagtataksil, at tinupad ito ni Eva—ang sinaunang kinatawan ng “Kagandahan.” Mula dito, at gaya ng na-

tanto ni Florante, madaling malilining kung bakit babae ang kasarian ng “Kagandahan” at kung bakit kalarawan ng kahinaan ang babae. Ang “kahinaan” ng babae ay higit kaysa pisikal na kalikasán ng “anak ni Eva,” manapa, anak siyá ni Eva kayâ kulang din sa wastong bait at muni.

Siyempre, dapat ding isaalang-alang na panimulang bahagi pa lámang ito ng kabuuang pagpurga kay Florante, ang proseso ng paglilinis sa kaniyang isip at damdamin, upang maghunos mula sa mapusok na mandirigma tungo sa isang makatarungang hari ng Albania. Lumikha rin si Balagtas ng isa pang “Kagandahan,” si Flerida na sa paglalarawan ni Aladin kapag kapiling ng ibang mga prinsesa ay tila “si Diana sa gitna ng maraming nimpa” ngunit may “pusong bayani.” Matalino kahit ang pagkasangkapan ni Balagtas sa mitolohiyang klasiko. Sa kaniya mismong talababâ, ipinaliwanag ni Balagtas na si Venus ay “diyosa ng pag-ibig at kagandahan” samantalang si Diana ay diyosang “maibigin sa pangangaso, huwaran ng kagandahan at panginoon ng mga Nimfas.” Kapuwa uliran ng “Kagandahan” ang dalawang diyosang Romano ngunit isiningit ni Balagtas ang karagdagang anotasyon na “maibigin sa pangangaso” ukol kay Diana, isang dagdag na katangian ni Flerida bílang “Kagandahan” na nagtataglay ng “**pusong bayani**”—isang babaeng mandirigma, matatag magpasiya, at sa dulo’y siyáng nagpawala ng palaso na kumitil sa pangunahing “lilo:” si Adolfo—at maaaring ituring ng ating pagbása ngayon na palatandaan ito ng pagsisikap ni Balagtas na gamitin ang napag-aralan upang igpawan ang napag-aralan.

Hindi pa natin lubusang napagwawari ang naturang leksiyon mula kay Balagtas. Nakabilanggo pa rin ang ating titig sa itinuro sa ating paraan ng pagtanaw sa loob ng panahon ng kolonyalismo. Lubhang orihinal siya para sa ating napag-aralang Kanluraning pagtitig. Pagkatapos ng dakila ngunit napugtong Himagsikang 1896, waring ang naganap na modernisasyon sa ika-20 siglo ay higit pang nagpakapal sa pader ng edukasyong Kanluranin na nagpipiit sa ating pambansang kamalayan, pinipigil kung hindi man tahasang sinisiil ang kislap-diwang may adhikang palayain ang pambansang pananaw at may programang bumuo ng matipunong palatuntunan tungo sa pagpapakahulugang Filipino.

Isang halimbawa nga ng ating kasawian ang mababaw/paimbabaw at nakasandig sa pagpapakahulugang Kanluranin nating paraan ng pagtitig sa “Kagandahan.” Noong 1887, nag-ukol ng pag-aaral sa *arte metrica* ng mga Tagalog si Rizal, ang itinuturing nating pangunahing palaisip ng lahi,

ngunit hindi niya pinag-ukulan ng paglilimi ang hubog ng “Kagandahan” sa katutubong tugma’t súkat. Binanggit lámang niyang “(1)as poesias mas bellas y poeticas” (ang mga taludturang napakaganda at napakamatulain) ay nakasulat sa *cuartetos* o aapating taludtod at inalala niya si Balagtas bílang “*un modelo de modo de hablar de los tagalos*” (isang huwaran sa paraan ng pagpapahayag ng mga Tagalog). Kung sakali, ito ang patnubay natin upang muli’t muling balikan ang *Florante at Laura*, gaya ng isinagawa ng mga Balagtasista sa panahon ng Amerikano, at hanguan ng maituturing na tradisyonal na mga pamantayan sa pagtula. Ngunit limitado sa pagbuo ng magandang tugma’t súkat ang pag-aaral ni Rizal at sa kawalan ng ibang patnubay ay maituturing na pangunahing sanhi ito kayâ nabilanggo tungo sa paghubog ng tulang may tugma’t súkat ang tradisyonal na pagtula ng mga Balagtasista.

Noong 1929, sinikap dagdagan ni Lope K. Santos ang kodigo ng tugma’t súkat mula sa mga tuntunin ni Rizal. Hindi lámang iyon. Sa pamamagitan ng mahabàng lekturang *Peculiaridades de la poesia tagala* ay sinikap ni L.K. Santos na saklawin ang ipinalalagay niyang mga esensiyal na katangian ng katutubong pagtula. Apat, wika niya, ang sangkap ng tula: (1) tugma, (2) súkat, (3) talinghaga, at (4) kariktan. Ang unang dalawa, wika pa niya, ang bahaging “organiko o materyal” ng tula; ang hulíng dalawa ang “kaluluwa” (*alma*) o ang bahaging “espiritwal.” Gayunman, nobenta por-siyento ng kaniyang paliwanag ay naukol sa tugma’t súkat, lalo na upang magdulot ng elaborasyon sa mga sinabi ni Rizal sa lektura nitó sa Berlin hinggil sa pagbuo ng taludtod. Sa kabilâ ng asersiyon hinggil sa higit na kabuluhan ng talinghaga at ng kariktan ay iilang pangungusap ang naiukol niya sa mga ito.

Isang napakahalagang pahayag ni L.K. Santos ay ang depinisyon ng talinghaga bílang “isang pagtatanghal na hindi tuwiran o pagpapahayag na matayutay ukol sa isang kaisipan, damdamin, lunggati, layunin, pangyayari o anumang bagay na ninanais mailabas sa pamamagitan ng mga salità o mailarawan sa pamamagitan ng mga pariralang may angkop na mga súkat at tugma.” (*Es como una manifestacion indirecta o expresion figurada de algun pensamiento, sentir, deseo, objeto, hecho u otra cosa cualquiera que se quiere exteriorizar con palabras o describir con frases medidas y rimadas convenientemente.*) Kasunod nitó ang pahayag na ang kariktan (na tatawagin din niyang “kagandahan”) kasáma ng talinghaga ang bumubuo sa “tunay na kalu-

luwa” (*el alma verdadera*) ng tulang Tagalog. Bakit? Dahil “pinatitingkad” diumano ng kariktan at talinghaga “ang antas ng inspirasyong nagpasigla nitó. Sinasalamin at inililitaw ang kakayahang pangkaisipan, ang kalidad ng kaisipan, ang pagiging pihikan ng damdamin, ang sigla ng guniguni, ang yaman ng wika, at sa isang salitâ, ang pinagsanib na kultura ng makata.”

Tigib sa makabagong pagmuni ang naturang mga pahayag ni L.K. Santos. Sa pamamagitan ng kaniyang depinisyon ay ibinigay niya sa talinghaga ang kapangyarihan upang maging pangkalahatan at “mapagbuong simulain” (na ginamit ko noong 1985) na nangangasiwa sa paglikha ng tula. Tila ito “utak ng paglikha:” idinidikta nitó ang nagiging balangkas, hubog ng saknong, organisasyon ng mga kaisipan, makinaryang panretorika at pantayutay, paraan ng paglalarawan, atbpang kailangang sangkap upang magdulot ng malinaw, ganap, at nagsasariling batayan ng kahulugan. Binigyan din niya ng batayang historikal ang talinghaga sa pamamagitan ng pag-sasabing nagmumula ito sa “pinagsanib na kultura” (*la cultura integral*) ng makata, salungat sa karaniwang haka na isa itong “hiwaga”—“*misterio*,” sa interpretasyon ng Noceda at Sanlucar (1754)—at mahirap maintindihan. Wari ngang nais ni L.K. Santos na hawiin ang tabing ng hiwaga na ibinalot sa talinghaga, ipaturing na alamat ang gayong pambálot, kaugnay lalo na ng isa pang sinaunang paniwala na bunga ito ng “inspirasyong dibino,” at upang ilantad ang materyalistang sinapupunan nitó.

May dobleng talim ang pagmuning ito ni L.K. Santos hinggil sa talinghaga. Sa isang bandá, kaagad mahihiwatigan ang pailalim na pagtung-gali laban sa nakamihansang operasyon ng tula na nakasandig sa “inspirasyong hulog ng langit,” isang hakang maaaring ugatin mula sa Huwarang Anyo ni Plato ngunit pinalayaw ng Kristiyanong pagsampalataya hinggil sa isang henesis ng lahat ng bagay sa santinakpan mula sa isang Diyos na Manlilikha. Ang mistikal na bukal na ito ng talinghaga ang malimit gamiting katwiran noon kung bakit mahirap ipaliwanag ang “Kagandahan.” Sa kabilâng bandá, ganap na nakasandig ang kaniyang paniwala sa historikal at kongkretong matris ng paglikha, sa pinagdaanang karanasan at edukasyon ng makata—sa isang *cultura integral*—at higit na nakapangyayari sa paghubog ng isang likhang-sining. Nakasalig sa makabago’t siyentipikong haka ng Realismo (kapuwa mula sa bukal na Europeo nitó at bukal na Americano) ang kaniyang hakang talinghaga bílang salamin at tanghalan ng daigdig ng makata, ang kaniyang “kakayahang pangkaisipan, ang kalidad ng kaisi-

pan, ang pagiging pihikan ng damdamin, ang sigla ng guniguni, ang yaman ng wika,” atbpang materyal na puhunan bílang manlilikha.

Ang Realistang pagmuni sa talinghaga ni L.K. Santos ay dumaloy mulang Europa sa pamamagitan ng mga akdang Propagandista bago matapos ang ika-19 siglo at sa pamamagitan ng modernong edukasyong Americano sa bungad ng ika-20 siglo. Ngunit nilinang din ito ng mapagpalayang kaisipang Katipunero mula sa halimbawa ni Balagtas. Dapat balikan sa bagay na ito ang sinipi ko nang saknong ni Balagtas hinggil sa “Kagandahan” subalit upang unawain naman ngayon ang iwi nitóng hálagáhan na maituturing na kawangki ng hálagáhang Realista:

“Katiwala ako’t ang iyong kariktan
kapilas ng langit, anaki’y matibay;
tapat ang puso mo’t di nagunamgunam
na ang paglililo’y nása kagandahan.

Sa *Florante at Laura*, himutok ito noon at paglait ni Florante sa ipinalalagay niyang taksil na kagandahan ni Laura. Nais ko ngayong ipanukala ang alegorikong pagbása sa saknong upang mailantad ang pinagbatayan nitóng paraan ng pagtanaw sa “Kagandahan,” gayundin ang kaibhan nitó sa nangibabaw na poetika sa panahon ng kolonyalismong Español sa isang bandá, at ang naging silbi nitó sa ideolohiyang mapagpalaya ng panitikang Katipunero na may malaking posibilidad na nasimsim din ni L.K. Santos sa kabilâng bandá.

Ang Katutubong Ganda

UPANG HIGIT NA maitampok ang radikal na kabuluhan ng pagtanaw sa “Kagandahan” alinsunod sa ipinatititigan kong saknong ni Balagtas ay mainam na sipatin ang mga unang nakasulat na impormasyon hinggil dito. Muli, isang malungkot na pangyayaring nakasulat sa wikang Español o bahagi ng dokumentasyong Español ang pinakaunang mga limbag na impormasyon hinggil sa “Kagandahan.” Katutubo ang salitang-ugat ng “Kagandahan,” ngunit nasasaplutan ng pakahulugang banyaga sa wikang banyaga. Dumarating sa atin ito ngayon sa pamamagitan ng isang banyagang wika at mahirap ganap na tarukin ang nangyaring distorsiyon sa inilapat na kahulugan ng mga misyonerong Espanyol.

Sa bokabularyo halimbawa nina Noceda at Sanlucar (1754) ang lahok na “**gandá**” ay may pakahulugang “*Lindeza, hermosa, logro*.” May dalawang mukha ang “ganda” sa tingin ng mga butihing padre. Nása isang panig ang *lindeza* at *hermosura* na kapuwa tumutukoy sa mainam na anyo at nása kabilâng panig ang *logro* na may kaugnayan sa mabuting kapalaran. Itinuturing na “maganda” sa isang panig ang nakalulugod sa pandamá, lalo na sa paningin; at sa kabilâng panig ang tagumpay at pakinabang na nakamit ng isang tao. Bagaman nakakatulad ng ibig sabihin ay higit na kapaki-pakinabang ang mga paglilinaw sa dalawang pakahulugan ng *Vocabulario Tagalo* (1624) ni Fray Francisco de San Antonio.

GANDA-1, pc. El bien, que se halla en persona, que no hay que tacharle, por ser de suyo buena, sin que se adorna y componga. Y de aquí, cualquier cosa, que tiene tan buena hechura, que sin ponerla más adorno, es: *Magandá*.

GANDA-2, pc. La ganancia, que se saca del trato:empleo Diez tostones; si saco veinte, es: *Ibayiu*: si saco treinta, es: *Gandá*. *Ginagandahán siya nang calacal*; saque ganancia de el. *Ang gandá sa acquiring puhunan, ay sanggayón*. En este sentido no tiene más composiciones, empero dar a logro. *Nagpapagandá*: el que lo da, y el que lo recibe. *Pagandahán*: Darlo or recibirlo, de una ó de otra parte.

Nasabi ko na ang panganib ng distorsiyon bunga ng pangyayaring nakabatay ngayon ang tinititigan nating pakahulugan sa pagkakatalâ ng mga banyagang misyonero. Maraming ebidensiya ng gayong sinasadyang pagbago sa katotohanan dahil sa iwing prehuwisyo ng banyagang mananakop laban sa itinuturing na imperyor na kultura ng sákop. Napakaposible din ng pagbaluktot ng kahulugan, hindi man sinasadya, dahil sa limitasyon ng pagkaunawa ng isang banyaga sa ating wika. Gayunman, bukod sa tila ito kaso ng kapit sa patalim, dahil wala nang iba akong alam sa ngayon na magagamit na sanggunian, makabuluhang isaalang-alang ang posibilidad na ibinuhos ng mga padre ang talino’t kakayahan upang makabuo ng isang kapani-paniwalang aklat sa leksikograpiya na alam din niláng sasailalim sa balidasyon ng susunod sa kanilang henerasyon ng mga misyonero.

Mula dito, maaaring ihaka na ang unang pagdalumat sa “Kagandahan” ay katangiang umaakit o tumatawag ng pansin. Hindi lámang iyon. Ang pangunahing pang-akit nitó ay ang “**nakalulugod**” sa pandamá. Bílang pamantayan, anumang bagay o sinumang tao na ituring na “maganda” ay nagtataglay ng pang-akit na maaaring tamasahin: karaniwang nakaaaaliw sa matá, masarap lasapin, mabango sa pang-amoy, banayad sa tainga, o malambot at makinis haplusin. Isang kahanga-hangang pagkakataón ang magtaglay ng “Kagandahan” at maaaring asahan ng nagtataglay nitó ang paghanga ng sinilangang lipunan at daigdig. Nakatakam ang “magan-dang” paghahanay ng kakanin sa restoran; pinapalakpakan ang “magan-dang” pagtugtog sa piyano; ipinagmamalaki ang “maganda” at bagong damit; napapalingon ang lahat sa “magandang” hubog ng katawan ng binibini; pangarap ng marami ang “magandang” kotse.

Ang ikalawang pagdalumat sa “Kagandahan” ay katangiang umaakit sapagkat “**nakasisiyá.**” Ang pamantayang “nakasisiyá” ay iba, bukod sa malimit ituring na higit, kaysa “nakalulugod.” Sinusúkat ang “kasiyáhan” sa idinudulot na kabutihan. Ang isang bagay na “maganda,” alinsunod sa ikalawang pamantayang ito, ay hindi lámang “nakalulugod” sa pandamá. Sa halip, ang pang-akit nitó ay nása idinudulot na gamit o silbi, at siyempre, gamit o silbi sa tao at sa daigdig ng tao. Itinuturing nitó ang “Kagandahan” na isang **kasangkapan** tungo/ukol sa isang layunin o wakas. “Maganda” ang bahay na makinis ang pagkakayari. Ngunit higit na “maganda” ang bahay na hindi naibubuwal ng hangin at bagyo. Kaagad ding mapapansin na ang ganitong “Kagandahan” ay sinusukat alinsunod sa pangangailangan. “Maganda” ang isang matalim na palakol dahil nakasisibak ng matigas na kahoy ngunit “maganda” rin ang matigas na kahoy bílang haligi dahil hindi kinakagat ng anay; “maganda” ang mainit na panahon dahil mabilis tinutuyo ng araw ang ibinilad na palay, ngunit “maganda” rin ang panahong maulan para sa alaga ng bagong tanim na palay.

[Pagmunian pa natin ang naturang maituturing na dalawang taal na pagtingin sa “Kagandahan.” Maaaring pansinin na nahahawig ito sa talakay ni Plato, halimbawa, sa *Ang Republika*. Maaaring usigin: Hindi kayá dahil taga-Europa ay nabigyang diin ng mga misyonero ang katangian ng “Kagandahan” alinsunod sa pamantayang Europeo? Subalit maaari ding isaalang-alang na maaaring isang pook ito ng pagsasanib ng katutubo at ng banyaga—ng di-karaniwang pagkakasundo sa engkuwentro ng dalawang

kultura sa ating kasaysayan—at maaaring gamiting mulaang batayan ng pagsusuri sa kasaysayan ng “Kagandahan” sa Filipinas. Hindi nasasaklaw ng naturang pagsasaalang-alang ang isa pang posibilidad—na ang paman-tayan o katangian ng “nakalulugod” at “nakasisiya” sa katutubong “Kagan-dahan” ay maaaring iba (ibang-iba) sa “nakalulugod” at “nakasisiya” sa Eu-ropa.

[Titigan halimbawa ang halagahang “**kagandahang-loob**.” Isa itong tiyakang katutubo’t sinaunang halagahan at kailangang itampok sa hanay ng mga tinatawag na “halagahang Filipino” ng mga moralista’t edukador. Ito ang birtud na kailangang taglayin ng isang tunay na Filipino, kasáma ng “marangal,” “malikhain,” “matuwid,” atbpang kabayanihang makapag-dudulot ng pagbabago’t kaunlaran sa bansa. Ngunit limiin pa. Hindi ba’t ang binanggit kong “marangal,” “malikhain,” at “matuwid” (at makatwiran) ay mga katangiang “nakalulugod” at “nakasisiya” ng sinumang nagtataglay ng “kagandahang-loob”? Malaki ang posibilidad na ganito ang sinaunang turing sa naturang birtud. Ipinasasaklaw ng komunidad o nayon sa “kagan-dahang-loob” ang itinuturing niláng nakalulugod at nakasisiyang katangian ng “pagpapakatao” upang maging mabuting bahagi ng lipunan.

[Nakatakda itong sapnan ng katangiang kailangan sa kaayusang kol-onyal. Masigasig na idinagdag halimbawa ng Simbahan ang “**kawangga-wa**” bilang tatak ng banal na “kagandahang-loob” at kalakip ng pagsisimba, pagrorosaryo, pag-aalay ng kandila, pagsunod sa sakramento, atbp. Matalik na kaugnay nitó ang “paglilimos” (mula sa Español na *limosna*), lalo na sa mga “pulubi” (mulí, mula sa Español na *pobre*, dahil wala sa sinaunang bokabularyo ang “limos” at “pulubi”). At marahil, ang higit na matalinong pagbaluktot sa “kagandahang-loob” ay ang pagdidiin sa “**kagandahang-asal**,” isang katangiang ipinataglay sa mga sákop at iniangat pang senyas ng *urbanidad* hanggang sa mga sermon ni Padre Modesto de Castro. Sa ngayon nga’y naipagkakamali ang “kagandahang-asal” sa mga sangkap ng “kagandahang-loob” at sa gayong paraan naituturo na ang etiketa ng wastong pananamit, wastong kilos sa pagtitipon, wastong pag-upô, at pag-sagot ng “po” at “opo”—na mga aral sa kagandahang-asal—ay katutubong mga birtud sa “kagandahang-loob.” May mga pahayag pa na katutubo rin sa atin ang *hospitalidad*—bagaman nakapagtatakáng wala táyong katutubong salita para sa kagandahang-asal na ito—upang iaryl na “kagandahang-loob” ang pagpipista at pagkakaloob ng makakáya sa bisita sukdang mamulubi.]

Mula dito at batay sa dalawang naturang taal na pagdalumat, sa nagdaang panahon ng nakasulat/nakalimbag na kasaysayan ng Filipinas ay binalutan/sinaplutan ang “Kagandahan” ng mga katangian, pamantayan, at pagtingin na malimit na sumisikil sa una o sa ikalawang katutubong pagdalumat alinsunod sa “simoy” ng panahon, maliban sa ilang maikling yugtong mapagpalaya at may adhikang usisain ang kairalan.

Sa ating panitikang pambansa, isang kauna-unahang limbag ukol sa “Kagandahan” ay ang tulang papuri ni Don Pelipe de Jesus sa librong salin ng *Barlaan at Josaphat* (1712) ni Fray Antonio de Borja. Sa ika-11 sagnong ng mahabang dalit ni P. de Jesus ay naipatalastas niya:

Ang Padre Antonio de Borja
kay Hesus na Compañia,
siyang naging dalubasa
nitong **aral na maganda**. (akin ang bold)

Pagkaraan ng ganitong introduksiyon, iniulat ni P. de Jesus ang natutuhan niyang “**aral na maganda**” sa aklat ni Fray de Borja. Sa gayon, pagkaraang purihin ang misyonerong nagsalin ng *Barlaan at Josaphat* ay nagmistulang isang sermon ang tula ni P. de Jesus para sa mga kapuwa Tagalog—isang sermon hinggil sa halaga ng aklat na pinupuri niya at sa mga pakinabang na idudulot nitó sa mambabasang Indio upang maging tunay na Kristiyano. Para sa atin ngayon, ang “aral na maganda” ni P. de Jesus ay isang pahayag ng paglalagat sa layuning “Kagandahan” ng pagsulat sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. “Maganda” ang panitikan o aklat ng panitikan na may “aral,” at nakasaad sa tula mismo ni P. de Jesus ang mga “aral” na itinuturing na “maganda” sa panahong iyon, halimbawa’y pag-iwas sa mga layaw at bisyo, pagpapakumbabâ, pagsasakripisyo, at sa maikling salitâ, pagsunod sa mga utos ng Simbahan upang magkamit ng biyaya sa Langit. Isang makapangyarihang talinghaga ni P. de Jesus hinggil sa umiiral na kawalan ng “aral na maganda” sa hanay ng mga Indio ay ang ika-29 sagnong:

Katawan mong madudurog,
uuori’t mabubulok,
siyang sinusunod-sunod,
hinihimas, iniirog.

Sa ating pananaw ngayon, sinasabi ni P. de Jesus na lubhang nakatuon ang hilig ng tao sa pagsunod sa pansariling nais, sa lubhang pagtamasa sa ngayon at dito, at nalilimot ang pag-aalaga ng kaluluwa, ang pagtunton sa kabanalang kailangan upang magtamo ng kaginhawahan sa kabiláng-búhay. Bakit mo sinusunod ang hilig ng katawan mo? Surot niya sa mga Indio. Pansamantala lámang ang katawan mo, uuorin iyan at mabubulok kahit ano ang gawin mo pagsapit ng kamatayan. Ang higit mong dapat asikasuhin hábang nabubúhay ay ang mga “aral na maganda” ng Simbahan upang makaligtas ang iyong kaluluwa at magkamit ng walang-hanggang “Kagandahan” sa Langit.

Ang “aral na maganda” ni P. de Jesus ay isang pagdidiin sa isang higit na kapaki-pakinabang na *logro* at *ganancia*. Iginigiit nitó ang isang “Kagandahan” ng kabutihan alinsunod sa isang **pamantayang etikal**—ang moralidad na Kristiyano. Malimit na itinatanghal ito sa tunggaliang birtud vs bisyo: birtud ang “aral na maganda” at kabaligtaran ang pangit at masamâng landas ng bisyo. [Magandang alalahanin pa ang ganito ring pamantayang moral sa *arete* ni Plato upang masipat ang malalim na ugat ng huwarang “aral na maganda” ni P. de Jesus.] Ang “aral na maganda” ng Kristiyanismo ay isang mahusay na kasangkapan upang magkamit ng isang higit na permanenteng ginhawa sa kabiláng-búhay kaysa panandaliang ligaya ngayon at dito sa lupa. Itinuturo ng “aral na maganda” ang paraan ng pagpapakabanal sa búhay bílang totoong daan—ang “daang matuwid,” sasabihin sa *Barlaan at Josaphat*—para mailigtas ang kaluluwa sa parusa’t sumpa ng Impiyerno.

Kasangkapan ng Katotohanang Kolonyal

SUBALIT IDINADAKO NG “aral na maganda” ni P. de Jesus ang “nakasisiyá” sa pamantayan ng “totoo.” Ang “Kagandahan” ay “maganda” hindi lámang dahil sa dulot na kabutihan kundi dahil sa taglay na Katotohanan. May himig na nag-aatas ang tula ni P. de Jesus. Nása antas na imperatibo at hindi dapat suwayin. Mapapahamak ang sinumang sumuway. Samantala, naghihintay ang gantimpala, ang *tiyak* at garantisadong gantimpala, sa sinumang sumunod sa kaniyang natutuhang “aral na maganda” mula sa aklat ni Fray de Borja. Tulad ng ibang pamantayang etikal, ipinatitiyak ng moralidad na Kristiyano na nais palaganapin ng aklat ni Fray Borja ang Katotohanan ng mga “aral na maganda” sa pamamagitan ng

garantisadong pag-akyat sa Langit. Hinubog ng Katotohanang Kristiyano ang pinaniwalaang “Kagandahan” sa wika ni P. de Jesus.

Ang Katotohanan ng “Kagandahan” ang nais suriin ng ika-41 saknong ni Balagtas.

Nagsimula ang kritika ni Balagtas sa pamamagitan ng pagpapasok sa sangkap ng “**tiwala**.” “*Katiwala ako’t ang iyong kariktan/ kapilas ng langit anaki’y matibay*,” pagtatapat ni Florante sa unang dalawang taludtod ng ika-41 saknong. Naniwala diumano siyá sa “Kagandahan” (kariktan) ni Laura at kayá ibinigay ang ganap na “tiwala.” At ano ang batayan niya sa gayong pagtitiwala? Nagtiwala siyá sa “Kagandahan” ni Laura dahil lubhang ikinasiyá niya ang katangian nitóng “matibay.” Pansinin din ang paghahambing sa “Kagandahan” bilang “kapilas ng langit” kayá inakalang “matibay.” Makabuluhan ang naturang paghahambing sa yugto ng paglililaw ukol sa mapaghimagsik na saloobin ng saknong ni Balagtas. Samantala, higit munang dapat pag-ukulan ng pansin ang panukalang “tiwala” bílang kahingian sa “nakasisiyá” upang maituring na Katotohanan ang “Kagandahan.”

Ang “Kagandahan” bilang kasangkapan ay itinuturing na mabuti kapag naglilingkod tungo/ukol sa isang layunin o wakas. Nasusubok ang naturang kabutihan sa pamamagitan ng aktuwal na gamit, sa *totoong* paglilingkod ng kasangkapan. Nasusubok ang layunin nitóng maging matibay, matatag, mahusay, atbpang katangian ng mabuting kasangkapan. Sa paulit-ulit pang gamit ay lumilitaw at tumitingkad ang *totoong* pakinabang nitó, ang *totoong* kabutihan nitó bílang kasiyá-siyáng kasangkapan. Sa ganitong pagsubok natitiyak ang katapatan ng kasangkapan sa itinakdang layunin para dito, at sa gayon, nabubuo ang “tiwala” sa “Kagandahan” ng kasangkapan. Ang isang punongkahoy ay ginawang haligi dahil inakalang matibay. Nasubok ang tibay nitó bílang haligi nang hindi maibuwal ng nagdaang malakas na hangin ang bahay. Nasubok pa ang tibay ng haligi sa pagdaan ng mga bagyo. Dahil sa nakitang *totoong* tibay ng haligi ay nabuo ang tiwala ng komunidad sa punongkahoy upang gamitin itong haligi sa mga bahay. Naniwala ang komunidad sa katapatan ng punongkahoy sa gamit nitó bílang matibay na haligi.

Ang ibig sabihin, kailangan ang sapat na panahon upang matarok ang katapatan ng kasangkapan sa itinakdang gamit nitó. Kailangan ang **panahon ng pagsubok** upang mapatunayan ang *totoong* nakasisiyá,

upang matiyak na totoo ang “katotohanan” ng “Kagandahan.” Sapagkat maaaring may hanggahan palá ang kabutihan nitó. Paano kung biglang matuklasan na pinamahayan ng anay ang pinaniwalaang matibay na haligi? Matibay lámang palá ang punongkahoy laban sa hangin at bagyo ngunit mahinà sa kagat ng anay. Biglang naligalig ang buong komunidad na nagtiwala sa paggamit ng punongkahoy bílang haligi ng kanilang mga tahanan. Kailangang magpalit ng mga haligi at kailangang humanap ng ibang punongkahoy na mapagtitiwalaang may higit na tibay. Kailangang humanap ng punongkahoy na matibay laban sa hangin at bagyo at matibay din laban sa anay. At sa pagpapalit ng mga haligi, kailangan din niláng buwagin ang kanilang mga tahanan. Gayon kabigat ang pinsalang idinudulot ng radikal na pagbabago, kung maaaring ihambing ang magaganap na halos pagwasak sa bahay dahil sa pagpapalit ng mga haligi. Samantala, nasira at naglalaho ang tiwala sa unang punongkahoy na ginamit bílang haligi. Bumagsak sa aktuwal na gamit ang Katotohanan ng unang punongkahoy, bumagsak ang totoong “Kagandahan” nitó bílang haligi.

Napakahirap umani ng tiwala. Kailangan ang matagal na panahon at ulit-ulit na pagdudulot ng kasiyáhan upang pagtiwalaan ang isang “Kagandahan.” Ito ang subersibong mensahe ng ikalawang taludtod sa ika-41 sакnong ni Balagtas. Nagtiwala diumano si Florante na matibay ang “Kagandahan” ni Laura dahil “kapilas ng langit.” Katulad at bahagi si Laura ng “aral na maganda” ni P. de Jesus. Ngunit sa yugtong ito ng panibugho at paghingi ng katarungan sa Langit ni Florante ay natarok niyang maaaring magtaksil ang “Kagandahan.” Wika ni Florante sa ikatlo’t ikapat na taludtod ng ika-41 sакnong, *“tapat ang puso mo’t di nagunamgunam/na ang paglililo’y nása kagandahan.”* Hindi si Laura lámang ang tinutukoy na “kagandahan.” Nagpapahiwatig ng himagsik laban sa nakamihansan ang talinghaga ni Balagtas. Iginigiit naman ngayon ni Balagtas ang posibilidad na maaaring di-totoo ang “aral na maganda” na pinalaganap ng panitikan mula sa panahon ni P. de Jesus. Kung ang kagandahan ni Laura na “kapilas ng langit” ay maaaring magtaksil, hindi ba’t maaaring isunod na huwag ganap na magtiwala sa Katotohanan ng “aral na maganda” hinggil sa kabutihan ng Langit? O kayâ, at isa pa rin itong marikit na himagsik. O kayâ, nais ipanukala ni Balagtas na huwag lubhang magtiwala sa tibay ng “Kagandahan” kahit ito’y “kapilas ng langit.” Muslak si Florante, lubhang mapagtiwala, kayâ nalinlang tungo sa kaniyang kahabag-habag at tila wala

nang kaligtasang kapalaran. Hindi niya ginamit mabuti ang bait upang mag-ingat. Na hindi ba't isang leksiyon din para sa mga mambabasa na mag-ingat kahit sa nagpapakilala-sa-sarili na “aral na maganda” at “kapilas ng langit”?

[Higit pa sanang napatnubayan si Florante kung narinig niya ang isang matandang dalit hinggil sa “magandang ginto.” Ganito ang dalit na inilathala ng Noceda at Sanlucar:

Galing nang magandang ginto,
Ualang tumbagang cahalo,
Macaitlo mang ibobo
Di gumitang nang pagpalo.

Napakataas ng pagpapahalaga noon pa sa ginto. Isa itong kinalulugdang metal, itinuturing na mamahaling hiyas. Ngunit higit na nais itanghal ng dalit ang “galíng” ng tinutukoy na “magandang ginto,” na dahil dalisay at walang kahalòng mumurahing bakal (“tumbaga”) ay may dagdag na angk-ing tibay. Tatlong ulit na itong tinunaw (“makaitlo mang ibobo”) subalit hindi man lámang nagkalamat nang pagpapaluin. Ang ibig sabihin ng dalit, pasado sa marahas na pagsubok—sa literal na “palihan” ng tibay—kayá bukod sa nakalulugod ay nakasisiya ang “magandang ginto.” Higit itong karapat-dapat sa tiwala kaysa tulad ni Laura, alinsunod sa kasalukuyang pagmumuni ni Florante, na agad pinagtiwalaan ng ating bida dahil may “Kagandahang” “kapilas ng langit.” Higit na kailangan ang mahigpit na pagsubok na katulad ng pinagdaanan ng “magandang ginto” upang mapagtiwalaan ang isang “Kagandahan.”]

Dagdag pang marikit na siste sa talinghaga ni Balagtas ang yugto ng pagbigkas ni Florante sa ika-41 sakanong. Binigkas iyon ni Florante sa gitna ng matinding panibugho, sa gitna ng masidhing hinala na pinagtaksilan siyá ng kasintahan, at sa yugtong nalilito at nagsusuri ng katotohanan ang ating mandirigmang bida. Hindi pa niya naaabot ang totoong yugto ng karunungan. Ngunit kahit nása yugto pa lámang ng bubot na kamulatan ay nabigkas na niya ang isang makabuluhang aral laban sa “aral na maganda.” Wari ngang nais ni Balagtas na ibahagi sa mga mambabasa ng kaniyang awit na hindi kailangan ang putíng buhok ng karunungan upang marating ang gayong pagmumuni. Kung sakali namang ituring itong subersibo ng Aw-

toridad at usigin siyá ay maaari niyang ikatwiran na bunga lámang iyon ng nagdedeliryong isip ng kaniyang desperadong tauhan.

Totoong napakahirap hulíhin ang “Katotohanan” sa wikang alegoriko’t matalinghaga.

Mga Kahingian sa Talinghaga

ANO’T ANUMAN, ANG ika-41 saknong ni Balagtas ay maaari ding basáhing subersiyon laban sa banyaga’t kolonyal na “Kagandahan.” Iginigiit nitó ang higit na pagtitiwala sa katutubong **bait at katwiran**. Higit na maraming naliwanagan si Florante hábang mag-isang nakapugal sa punongkahoy sa gitna ng “*madilim, gubat na mapanglaw*” at minumuni ang pinagdaanang búhay. Nakaigpaw siyá mula sa muslak na pag-iisip ng isang kabataan tungo sa mapapait ngunit makabuluhang mga karunungan sa tulong ng kaniyang sariling kuro at nag-iisang pagdalisay sa kaniyang makulay na mga karanasan. Mula sa pagtatakwil sa napag-aralang mga “aral na maganda”—ang lagom ng banyaga’t kolonyal na “Kagandahan”—ay nakausad ang kaniyang istorya/historya sa totoong pagsasarili at sa kailangang karunungan upang magampanan ang naghihintay na tungkulin sa kaniyang bayan.

Kinipil ni Balagtas para sa atin, at kaipala para kay L.K. Santos, ang isang panukalang *cultura integral* ng “Kagandahang” Filipino.

Hindi mahirap hakain na iniisip ni L.K. Santos si Balagtas nang kaniyang isulat ang kaniyang hakang totoo at materyal na “magandang” talinghaga. Ang totoo, tulad ni Rizal ay nag-ukol siyá ng mataas na pagdakila kay Balagtas, kabilang na ang mahirap pantayang kakayahan ng Sisne ng Panginay na malikha ang talinghaga laban sa kataksilan at kawalan ng katarungan ng pananakop na banyaga (“*El gran merito de estos versos del “Florante” consistia en haberlos podido escribir y publicar el autor, en tan habil modo de denunciar el imperio de la traicion y la injusticia, aliadas, bajo cuyo sufría pacientemente su propio país, sin que la rigidísima Censura de entonces...*”)

Gayunman, hindi sapat ang modelo ni Balagtas tungo sa ganap na paglaya ng kamulatan mula sa hulmahang nilinang ng kolonyalismo. Ito ang nakatanghal na pangwakas na balintuna sa *Peculiaridades de la poesia tagala* ni L.K. Santos. Matapos ang tinalakay kong malusog at mapagpalayang pagpapakahulugan sa talinghaga, ang pagsusuri ni L.K. Santos ay dumausdos pabalik sa pamantayang banyaga’t kolonyal ng “Kagandahan.”

Nagsimula ang pagdausdos pabalik sa pagbanggit niya na may dalawang uri ng talinghaga: ang (1) mababaw at ang (2) malalim. Waring wasto pa ang naturang urian nang ipataw niya ito sa bugtong, lalo na upang linawin na may mababaw na bugtong dahil madaling maintindihan at sa katunayan ay maaaring gamitin ng musmos, samantalang may bugtong na sadyang malalim at pinaghihirapang lurukin kahit ng tigulang. Inulit niyang halimbawa ng malalim na talinghaga ang *Florante at Laura* na nagtagumpay ipahiwatig ang nakalulunon na kondisyon ng Filipinas sa ilalim ng pananakop sa pamamagitan ng isang popular na tulang pasalaysay.

Subalit bumigat ang suliranin at lumitaw ang pagdausdos pabalik nang ipaliwanag niya kung ano ang mga kahingian ng malalim na talinghaga. Tatlo diumano ang kahingian. Una, kailangang ang talinghaga ay ipahayag sa wikang alam ng madlang bumabása o nakikinig. Ikalawa, kailangang magkakaugnay ang mga paghahambing at pagpapalit bukod sa may mahigpit na kaugnayan ang mga ito bílang talinghaga sa inihahambing at pinapalitan. Ikatlo, kailangang ang mga salitâ at pangungusap sa talinghaga ay “wasto, tiyak, marangal, masigla” (*correcto, conciso, noble, enérgico*). May mabubuting simulaing maaaring matutuhan sa una’t ikalawa, bagaman maaaring mahalata sa dalawa, alinsunod sa ibinigay niyang ehemplo, ang lubhang pagsandig sa popular na idyoma at pagsikil sa adhikang mag-eksperimento. Sa ikatlo higit na tumanghal ang hilig na konserbatibo ni L.K. Santos hinggil sa wika ng pagtula. Hindi mapasusubalian ang kabuluhan ng tiyak (*conciso*) at masigla (*enérgico*) sa pagpili ng talinghaga. Ngunit muling umiral sa konsepto niya ng wasto (*correcto*) at marangal (*noble*) ang luma na’t mapaniil na pamantayang ninanais igpawan ng mapagpalayang “Kagandahan.”

Pinasok, o muling binalikan, ni L.K. Santos ang karaniwang dapat inaasahang bitag ng pamantayang etikal—ang paggigiit sa “Kagandahan” ng Katotohanan nitó; at sa kaso ng “Kagandahang” kolonyal at Kristiyano, ang Katotohanan ng mga “aral na maganda” na nagpiit sa alindog ng “Kagandahan” sa bilangguan ng mapanakop na mithiin ng kolonyalismong Espanyol—ang pinaratangan ni Balagtas na “mapaglilo” o di-totoong “Kagandahan.”

Bago magpatuloy, isa munang dapat ipagpaunang paglilinaw: Kailangan ba ng “Kagandahan” ang pamantayang etikal? O kayâ: Nakasasamâ ba sa “Kagandahan” ang pamantayang etikal? Ang sagot sa unang tanong,

hindi kailangan ngunit mahirap maiwasan. Ang sagot sa ikalawang tanong, maaaring makasamâ at maaari ding hindi makasamâ.

Para ipaliwanag ang mga sagot, kailangang sipatin ang “etika” bílang isang banyagang dalumat, isang salitang hatid ng kolonyalismo mula sa Griyegong *êthicos*, kayâ nag-ugat sa ating kasaysayan nang kahanay at kaagapay ng doktrinang Kristiyano. Hindi nangangahulugang walang ganitong tuntuning panlipunan ang ating sinaunang barangay. Hindi maaari. Hinihingi itong bigkis sa anumang malaking kalipunan ng tao upang patnubayan ang asal, kilos, at pananalitâ ng bawat isa alang-alang sa pagkakaisa, pagsúlong, at pagtatanggol ng kapakanan ng kalipunan. Maituturing halimbawang katutubo at etikal na dalumat ang “kapuwa” at “damay”—na nag-aatas ng obligasyong isalang-alang ang búhay ng iba tungo sa pagpapakatao. Ngunit kung bagá sa “aral,” ang kapuwa o damay ay hindi isang kodigong dapat isaulo at lalo na’y hindi nakalimbag sa aklat. Naisasalob lámang ito ng isang musmos na miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng pagsunod at pakikiramdam sa halimbawang ugali ng nakatatanda.

Marahil, pinakamalapit nang salin ng “etika” ang naitalâ nina Noceda at Sanlucar na “**aral na magalíng**.” Kung mumuniin din ang pakahulugan ni Fray San Antonio sa “**galíng**”—“*Bien, que se halla en cualquier cosa hermosa, graciosa, de buen parecer. Es propia {para} la vista.*”—nakatimo sa pagtingin sa “magalíng” ang katutubong “Kagandahan.” Kung hindi man iisa, may mga aspekto ng pagsasanib ang “magalíng” at “maganda” sa pagmuni ng ating mga ninuno. [Muli, maaari ngayong pagdudahan ang ganitong pagtitiyap ng “Kagandahan” at “kagalíngan” dahil nakasalig sa ulat ng mga misyonero. Maaaring lihim at nais ng mga leksikograpo ang naturang pagtitiyap upang maipasok bílang “taal” ang pagtatagpo ng dalawang dalumat, at sa gayo’y maihanda ang katwiran ukol sa isinagawa nilang pagpapalaganap sa mga “aral na maganda” noong panahon ng pananakop. Ngunit saan táyo dadalhin ng gayong duda? Lubha nating pinahuhusay ang kanilang mapanakop na talino. Samantala, may ibang mga patunay upang mabawasan ang ating suspetsa.] Ang isinasalob na halimbawa ay isinasalin sa tunay na asal, kilos, at pananalitâ ng nagsasalob, paulit-ulit, hanggang maging “**ugali**” at paglipas ng panahon ay halos wala-sa-loob na isinasagawa sapagkat “nakaugalian” o “nakamihansan.” Ang kabuuan o bawat sangkap ng “nakaugalian” ang tinatawag na “**kaugalian**”—ang batas o tuntuning gumagabay sa búhay ng mga kasapi ng ating sinaunang lipu-

nan, na itinataguyod sa pamamagitan ng mga salawikain at awit, ipinalalaman sa mga alamat, kuwentong-bayan, at epikong-bayan, bukod sa ipinagdiriwang sa mga pagtitipon at ritwal ng sambayanan. Binubuo ito ng mga “aral na magalíng” dahil itinuturing na kailangan ng tao tungo sa kagalíngan ng kaniyang sarili at ng kaniyang komunidad.

Ang kaugalian ay may kapangyarihang tulad ng tinatawag nating “batás” ngayon. Ngunit bahagi pa lámang ng pagpapairal ng kaugalian noon ang pagiging “batás” nitó. Bakit? Sapagkat kawangki nitó ang itinuturing noon na “**batás**,” na sang-ayon sa ating mga misyonerong leksikograpo ay “ang pagbubukás ng bagong landas o ang paglalakad sa pamamagitan nitó” (*El acto de abrir nuevo camino o ir por el.*) Kaugnay mismo ng paglakad sa isang bagong landas ang tinatawag na “pananalunton” o “pagtunton” na siyáng ugat naman ng “**tuntúnin**” natin ngayon at itinuturing nating kapatid ng kasalukuyang “batás.” [Hanggang sa *Diccionario Tagalog-Hispano* (1914) ni Pedro Serrano-Laktaw ay pagdaraan sa batis o estero ang “batás.”] Kayá kinailangang ipahiram ng mga Español ang “*ley*” (na malimit bigkasin at isulat na “*lei*” at may dalawang pantig sa mga komedya at korido), “*réglá*,” at “*reglaménto*” upang ipakahulugan ang utos na mula sa isang awtoridad. Noong araw, hindi “batás”—sa pakahulugan natin ngayong utos mula sa isang tao o pangkat na makapangyarihan—ang kaugalian; ngunit “batás” ang kaugalian sapagkat napatunayan na ng karanasan ng komunidad na nagdudulot ito ng “daang matuwid,” sapagkat may kasaysayan ito ng “kagalíngan” para sa lahat.

Maging ang pagiging “**bihása**” noon ay nagmumula sa panununton sa “nakaugalian,” nagmumula at tumitibay sa pag-aaral at pagsasagawa ng kaugalian. Anupa’t ang “nakamihasan” ay itinuturing na singkahulugan ng “nakaugalian.” [Kayá’t makikita sa “**kabihasan**” ngayon bílang salin ng *civilization* ang posibleng kaibhan ng pagdalumat natin sa orihinal na sibilisasyon mulang Kanluran.] Bagaman dapat ipagpauna ang maaaring pag-uuri noon pa sa “nakamihasan.” May masamá at may mabuting “nakamihasan,” at itinuturing na bunga ito ng masamá o mabuting pagkatuto ng batà o ng masamá o mabuting pagpapalaki ng magulang sa anak. Mahalaga ang ibinibigay na edukasyon ng magulang sa posibleng pagiging bihasa ng anak, na maaaring lumitaw na bihasang magnanakaw o bihasang magsasaka. Ito, kaipala, ang isang seksiyon ng “aral na magalíng” mula sa ika-197 saknong ng *Florante at Laura* hinggil sa wastong edukasyon ng anak:

“Pag-ibig anaki’t aking nakilála
di dapat palakhin ang batà sa sayá,
at sa katuwaa’y kapag **namihasa** (akin ang bold)
kung lumaki’y walang hihinting ginhawa.”

Ang seksiyong ito ng awit ni Balagtas ang maituturing na solido’t tahas na pagpapahayag ng kaniyang hálagáhang etikal. Sang-ayon na rin kay Balagtas, ang uri ng nakamihasan ang nagpapasiya sa ililitaw na “bait at muni” ng tao. Pinapanday ng nakamihasan (at nakaugalian) ang magiging pagpapahalaga ng tao sa tama o mali, sa wasto o di-wasto, sa lahat ng kaniyang mga gawain, lunggati, at pangarap, ang pamana ng lipunan sa kaniyang *cultura integral* at gagamitin niya sa paglikha ng “Kagandahan.”

Katotohanan Bílang Kumbensiyon

UULITIN KO, HINDI ipinagbabawal sa sinauna’t katutubong “Kagandahan” ang pamantayang etikal. Itinuring na malusog na sangkap ng panitikang-bayan ang mga “aral na magalíng,” bukod sa totoong nakapahiyas ito sa mga salawikain at buod ng maraming awit at sinaunang salaysay. Ang nakaugalian bílang pamantayang etikal ay tinanggap na “maganda” sapagkat ikinasisiyá at pinaniniwalaang nagdudulot ng kabutihan. Ang “aral na magalíng” ay naituturing na totoo at “maganda” kapag napatunayang nagpayabong sa bait at muni at nagpalusog sa sariling pagkatao. Subalit itinuturo din sa atin ngayon ng sariling kasaysayang pambansa na maaari itong abusuhin at gamitin upang sumikil sa katutubong “bait at muni” ng tao. Sa loob ng 300 taón, ang mga “aral na maganda” na tinulungan ni Don Pelipe de Jesus na lumaganap ay maaaring totoong “maganda” ngunit naging kasangkapan sa pananakop, naging kariktang mapaglilo sa wika ni Balagtas, at naging hadlang sa kalayaan ng mga Filipino. Mula kay Balagtas sa gayon ay nagsimula ang panahon ng paglitis sa pinairal na pamantayang etikal ng “Kagandahan,” nagkaroon ng kasukdulan sa panitikan ng Himagsikang 1896, lalo na sa pamamagitan ng sigaw na “Kalayaan!” laban sa lahat ng manipestasyon ng panahon ng kolonyalismo, at inaasahan nating ninanasing ding linangin ng lektura ni L.K. Santos noong 1926.

Dapat isingit ang munting paglilinaw sa “kalayaan” bílang “Kagandahan” alinsunod sa pamantayang Katipunero. Isa itong pamantayang etikal. Ngunit isa itong mapagbagong reaksiyon o malikhaing sintesis/pagbása

sa isinagawang paglitis ni Balagtas laban sa “mapaglilong Kagandahan” ng “magandang aral” sa panahon ng kolonyalismo. Sang-ayon sa payak na argumentong Katipunero, kung mapaglilo ang “Kagandahan” ng kolonyalis-mong Español at bingi ang Langit sa lehitimong hibik ng bayan (ng katulad ni Florante), itinuturo ng bait at katwiran na kailangang isandig ang “Kagandahan” sa ibang pamantayang etikal. Ano ang ibang pamantayang etikal para sa “kalayaan” ng bayang inaapi? Ito ang naging Himagsikang 1896 bílang higit na maganda, makabuluhan, at makatotohanang “aral na magalíng” at ang “kalayaan” bílang pangunahing katangian ng “Kagandahan.” Alinsunod sa katwirang ito ay iniusig ni Andres Bonifacio sa mga kababayan ang sumusunod:

Nasaan ang dangal ng mga Tagalog?
Nasaan ang dugong dapat na ibuhos?
Baya’y inaapi, bakit di kumilos
At natitilihang ito’y mapanood?

Hindi lámang nagtataksil ang España sa sandugo at ipinangakong Liwanag sa sinakop na Filipinas. “Nilalapastangan at niyuyurakan” pa nitó ang dangal ng bayan, kayâ makatwiran at lehitimo ang maghimagsik.

Ngunit hindi ganap na naisaloob ni L.K. Santos (at ng iba pang Balagtasista) ang kabuluhan ng “kalayaan,” alinsunod sa simulain ng Katipunan, sa kaniyang pagmuni sa dapat sanang magbagong pagpapakahulugan sa “Kagandahan.” Tulad ng nasabi ko na, lumitaw ang kaniyang pagdausdos pabalik sa inihanay niyang tatlong kahingian ng talinghaga. Lalo na ang ikatlo. Ulitin natin ang ikatlo: kailangang ang mga salitâ at pangungusap sa talinghaga ay “wasto, tiyak, marangal, masigla” (*correcto, conciso, noble, enérgico*). Ang mga pang-uring “wasto” at “marangal” ay kaagad nagpapahiwatig ng pamantayang etikal upang maging “maganda” ang talinghaga. Na kung babalikan ang nagdaang paliwanag ay hindi masamá dahil may katutubong ugat ang pamantayang etikal sa Filipinas. Hindi masamá, ngunit mapanganib. Sapagkat maaaring mairalan ang pamantayang etikal ngayon ng naging dominanteng doktrina sa panahon ng pananakop at sumikil sa kalayaan ng “bait at muni.” At nahulog siyá sa naturang bitag—ang pag-iral ng isang naging dominante at masamáng nakamihansan—hábang inaadhika ang “wasto” at “marangal” sa talinghaga.

Ang “**wasto**” ay isang patibong sa pamantayang etikal. Nangangahulugang lagi ito ng disiplina sa asal, kilos, at wika ngunit maituturing na kailangang sangkap sa pagtatanghal ng paggálang at paggagalángan ng tao/mga tao sa lipunan. Makabuluhan din itong kontrol laban sa mapagmalabis na aplikasyon ng demokrasya. Ngunit masamá ito kapag naging abusadong paghihigpit laban sa kalayaan, lalo na upang supilin ang malikhaing pag-iisip at damdamin, at pairalin ang isang kodigong dapat sundin ng lahat. Ngunit ang “wasto” bílang mahigpit at hindi maaaring suwaying atas ang mahihiwatigan mismo sa paglalatang ni L.K. Santos sa mga tuntunin ng tugma’t súkat. Mula sa tinipon ni Rizal na mga nakamihasnan sa tugma’t súkat ng mga Tagalog ay inilalatag na ng lektura ni L.K. Santos ang “Kodigo ng Tugma’t Súkat”—ang batas na sinusunod niláng mga Balagtasista at batas na dapat sundin ng mga makata upang maituring na “wasto” at “magan-da” ang kanilang pagtula.

Narito na ang sintomas ng pagtigas ng nakamihasnan, kahit sabihing katutubo at nakabubuti laban sa banyaga’t kolonyal, ang pormalisado bílang matigas na hulmahan ng paglikha, ang malusog na tradisyon bílang isang estatiko at hindi na dadaloy na kumbensiyon. Nagiging kasabwat pa ng ganitong paghihigpit ang “marangal.”

Sino ba ang ayaw maging “**marangal**”? Napakahalaga nitó sa pagkatao ng nais lumayang sákop. Ito ang pangunahing salik ng pagkatao na yinuyurakan ng pananakop. Tinatanggalan ng mananakop ang sákop ng dangal at mataas na pagtingin sa sarili upang magkaroon ang ikalawa ng matinding isipang-alipin, ng ganap na isip-sungyaw (*inferiority complex*), at manatiling alipin ng panginoong mananakop. Kung nayurakan ang dangal sa panahon ng kolonyalismo, himok ni Bonifacio, kailangan itong muling maitaas. Sa gayon, kapag binása ang programang mapagpalaya nina Bonifacio at Jacinto ay nangunguna ang pag-antig sa dangal ng mga kababayan upang ikahiya ang pagiging busabos at matutong maghimagsik. Maghimagsik upang mabawi ang inagaw na kalayaan, muling maibangon ang puri’t karangalan, at makasúlong tungo sa ikadadakila. Samakatwid, hindi masamá ang lumikha ng “marangal” na talinghaga.

Ngunit malaki rin ang posibilidad na ang pagtingin sa sariling dangal ng isang sákop ay kinubikong na ng pananakop. “Kubikóng” ang tabla na nagkalukot-lukot ang rabaw dahil nababad sa tubig; kubikóng ang kamu-latan na nabaluktot ang taal na katwiran at pagpapahalaga dahil sa naghar-

ing masamâng impluwensiya. Ang ibig sabihin, dahil sa matagal na pagkababad sa kultura ng pananakop, posibleng ang nais ikarangal ng sâkop ay maging katulad, kahit sa bisyo, ng kaniyang mananakop. Pinakamalubhang manipestasyon ng kubikong na kamulatan ang paggaya ng alipin sa kilos, asal, at lunggati ng dapat sana’y kamuhian niyang mang-aalipin. Lumitaw ito sa ambisyon ng mga Propagandista na maging kapantay sa karapatan ng mga mamamayang Español. At lumitaw din ito sa paliwanag ni L.K. Santos hinggil sa “marangal” na wika ng tula. Muli, may iba’t ibang uri ng wika at mainam na maalam gumamit ang isang tao ng angkop na wika para sa layunin at target ng kaniyang pahayag. Ngunit ang “marangal” na wika para kay L.K. Santos ay katulad halos ng kaniyang “wasto” at isang paraan ng pagbubukod sa wika ng nakatataas kaysa wika ng nakabababang uri ng tao sa lipunan. Ang “marangal” na wika ni L.K. Santos ay wika sa bulwagan ng mga pribilehiyado at disente at nagtatakwil sa itinuturing na wika ng lansangan at bulgar. Ang “marangal” na wika niya ay mula sa dibdibang pagsasaulo ng mga tuntunin at kumbensiyon upang maging nakalulugod sa tingin ng Awtoridad. Sinipi niya ang isang koplâ upang ipakita ang tinatagaw niyang wikang “di-marangal” (*innoble*):

Sa kagutuman ko sa iyong pag-irog
Katulad ko’y langaw at ikaw ang pulut.

Isa diumanong di-marangal na prase ang “kagutuman sa pag-irog” at hindi wastong gamitin sa tula ng pagsisintahan. Marahil, dahil nagpapagunita sa primitibo at malahayop na kahayukan. Samantala, nagdaan ang panitikan ng Filipinas sa pagsisintahan ng mga prinsipê at prinsesa na itinatanghal ang pag-ibig sa paraang “pino at pormal” at halos ritwal pati ang pagniniig sa hardin. Hinatulan din niyang dalawang pangngalang “**malaswa**” (*indecentes*) ang “langaw” at “pulut” at bilang talinghaga ay bulgar, nararapat lamang sa mga kasayahang pantaberna (*tertulias de taberna*), at hindi ginagamit sa pagpapahayag ng maseselang damdamin (*sentimientos delicados*). Sinamantala din niya ang pagkakataóng ito upang punahin ang uri ng popular na pagtula noong panahong iyon, sirka 1929, na ginaganap sa mga liwasang-bayan. Kinagigiliwan diumano ang mga tindero ng bulgar na talinghaga sa mga *ferias de la belleza*—ang mga pagpuputong o koronasyon ng mga reyna ng pista, at pati na ang bantog noong balagtasang—at pinagkakakitahan ng mga mambeberso ang naaalih namang madlang “nakabakya.”

Ang “wasto” at “marangal” ni L.K. Santos ay isang napag-aralang pormalidad mula sa nakaraang wika sa panahon ng kolonyalismo, may bahid ng urbanidad alinsunod sa modelong wika ng kagandahang-asal ni Padre Modesto de Castro, at nagtatanghal sa konserbatibong mukha ng makabansang kilusang Balagtasista sa panahon ng Americano. Maaaring lingid ito sa kaniyang kamalayan, ngunit ibinabalik nitó sa dambana ng “Kagandahan” ang espiritung mapaniil na inumpisahang tuyain ni Balagtas at pinaghimagsikan ng Katipunan. [Ang totoo, ibinalik nga ng mga trabahong katulad ng ginawa ngayon ni L.K. Santos ang kolonyal at feudal na pamantayang etikal, na siyempre pa’y muling isinaloob ng sambayanang hindi pa nakahuhulagpos sa bilibid ng rosaryo at kumpisalan, at muling nakapangyari hanggang sa kasalukuyan.] Muli nitóng hinahati o nilalagyan ng hangganan ang malikhaing kalayaang idinulot ng Himagsikang 1896. Nabalutian din ito ng Awtoridad upang magpairal ng Sensura. Ang disentang wikang ninanais niya ang tahasang magbabawal sa tinatawag na “wika ng silid-tulugan” at mahigpit pa sa mga Hermana sa pagsasakdal laban sa anumang mamarkahang “malaswa.” Bawal ang seks o anumang uri ng erotisismo sa sining at panitikan hanggang makaraan ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa wikang “wasto” at “marangal,” ang anumang pangyayaring sensuwal, at lalo na’y seksuwal, ay kailangang kumutan ng makapal na pahiwatig, sukdang maging katawa-tawa ang “nabásag ang banga,” “naluray na bulaklak,” “kalapating mababà ang lipad,” “naglalaro ng apoy,” atbpang matanda na’t de-kahong talinghaga.

May katotohanan ang pagtatanggol na isang uri ito ng makabayang reaksiyon laban sa “lubhang moderno” kung hindi man “mapanakop na kultura” na dulot ng Americanisasyon at nakatakdang lumumpo sa umuusbong pa lámang na diwa ng kalayaan at pag-ibig sa bayan. Subalit hindi napansin ng mga Balagtasista na isinasaloob nilá bílang makabayan ang mga katangian ng “Kagandahan” na pinaghimagsikan nina Rizal, Plaridel, Bonifacio, at Jacinto. Isa ito sa makabuluhan ngunit malungkot na resulta ng naunsiyaming diwa ng Himagsikang 1896. Mabilis ang naganap na pagbansot sa diwang makabayan at mapagpalaya, mula sa loob at mula sa labas, mula sa hanay na repormista’t kontra-rebolusyon sa loob ng Republikang Malolos at mula sa dumating na bago, higit na malakas at higit na matalinong mananakop na Americano. Lubhang nakalilito ito para sa bagong sibol na makabayan ng ika-20 siglo na gaya ng pangkat na Balagtasista ni L.K. Santos, lalo na sapagkat edukado pa silá sa panahon ng kol-

onyalismong Español. Ang pananaig ng kanilang edukasyong kolonyal ang hindi nilá namalayang konserbatismo sa kanilang posturang makabayan bílang mga Balagtasista. Umiral ang ganitong konserbatibong pormalidad sa ibang *bellas artes* at kahit sa bagong dáting na aliwang pang-entablado, radyo, pelikula, at telebisyon.

Ang ipinaliwanag kong pagdausdos ng pamantayan sa “Kagandahan” ni L.K. Santos ay hindi lámang manipestasyon ng nakubikóng na kama-layan ng sákop na Filipino kundi palatandaan din ng malakas na bisà ng kolonyalismo pagkaraan ng tatlong siglo sa Filipinas. Mababakás ang naturang mapaminsalang bisà sa wika pagkatapos dumanas ng oryentasyong kolonyal at Kristiyano. Balikan natin ang halimbawa kong “**kawanggawa**” bilang isang itinimong katangian sa “kagandahang-loob” sa panahon ng kolonyalismong Español. Alinsunod sa paraan ng pagkagamit nitó mag-mula sa panahon ng Español hanggang sa kasalukuyan, ang “kawanggawa” ay katapat ng *caridad* sa wikang Español. Sa pamamagitan ng pagbabalik sa matatandang diksiyonaryo ay maaaring patunayan na hindi ito isang katutubong salitáng Tagalog. May “awà” at “gawà” sa Noceda at Sanlucar, ngunit walang “kawanggawa.” Ang *caridad* sa Noceda at Sanlucar ay walang katapat na salita at sa halip ay may paliwanag na “*pag ibig sa Dios at sa capoua tauo.*” Na kung tutuusin ay isang mainam na depinisyong Tagalog para sa konsepto ng *caridad*. Wika nga sa unang kahulugan ng *caridad* ng Real Academia Española, “*En la religion cristiana, una de las tres virtudes teologales, que consiste en amar a Dios sobre todas las cosas, y al prójimo como a nosotros mismos.*” Gayunman, kahit sa Español pagkuwan ay naukol ito sa paglilimos bunga ng awa. Ang naturang direksiyon ng *caridad* ang maaaring ituring na sanhi ng paglikha sa “kawanggawa”—mula sa pinagdugtong na “awa” at “gawa” o “gawa dulot ng awa” o higit pa, “gawa para sa kaawa-awa.” At ito ang naging pangunahing tungkulin ng “kawanggawa” bilang isang birtud sa lipunang Kristiyano sa Filipinas. Maaari ngang usisain ngayon kung ang mga pagkilos na kawanggawa sa kasakuluyan ay bunga lámang ng awa sa naghihirap o nasakuna at hindi dahil sa “pag-ibig sa Diyos at sa kapuwa tao.” Ang higit na makatuturan sa ating talakay ngayon, itinuturing natin ang “kawanggawa” na waring isang katutubong bahagi ng ating wika at hindi isang likhang salita sa panahon ng pananakop upang higit na maging lehitimo sa ating pagpapahalaga ang isang birtud na Kristiyano.

Nagdaan din sa edukasyong Kristiyano at kolonyal si L.K. Santos. Dumausdos ang kaniyang pamantayan hinggil sa “wasto” at “ma-

rangal” sapagkat hindi sapat ang kaniyang naging damdaming maka-
bayang dulot ng Himagsikang 1896 upang maigpawan at ganap na
maiwaksi ang kaniyang “nakamihasnan”—ang wika ng nakamihasnan
niyang wasto at marangal alinsunod sa pamantayang kolonyal at Kris-
tiano. Kayâ napakahalaga ng matatag na pagpapakahulugang Filipino
sa pagsipat at pagtitig ng bawat munting eksena ng ating kasaysayan.

Himagsik na Modernista

NOONG DEKADA 60, sa ilalim ng alyas na “Rolando B. Ilagan” ay ini-
lathala ni Alejandro G. Abadilla ang tulang “Erotika 3” at ang banat niya sa
unang sакnong:

Ang salitang ganda’y di para sa iyo,
Beybi peys mong iya’y mahahalikan ko.

Tigib sa himagsik ang tula ni A.G. Abadilla laban sa “wasto” at “marangal”
ni L.K. Santos. Ang pamagat mismo ay wala sa bokabularyong Balagtasista.
Ang “beybi peys” ay pariralang Ingles, *baby face*, kung sakali’y produkto ng
kinamumuhang Americanisasyon ng henerasyon ni L.K. Santos, bulgar,
at maging ang himig ng pagsambit ay mahihiwatigan ng itinuturing na “di-
marangal” at “malaswang” damdamin. Ang unang taludtod, “*Ang salitang
ganda’y di para sa iyo,*” ay hitik sa pag-uyam laban sa ibinantayog na uri ng
nakalulugod na “Kagandahan” sa umiral na panahon ng “wasto” at “ma-
rangal.” Ginagagad—o ginagaya sa paraang patuya; isang *parodia*—ni A.G.
Abadilla ang huwarang “Kagandahan” ni L.K. Santos.

Bago pa iyon, itinatag na ni A.G. Abadilla, kasáma ang ilang kapuwa
kabataang manunulat, ang Kapisanang Panitikan noong 1935 at nagsaga-
wa ng iba-ibang paraan ng pagsalakay sa moog ng pormalidad ng mga na-
katatandang Balagtasista. “Sinúnog” ng mga Panitikero ang mga akda ng
katandaan sa isang demostrasyong pampanitikan sa Plaza Moriones noong
2 Marso 1940, nilamuray ni Teodoro A. Agoncillo sa isang lekturang pang-
madla ang iginagálang na nobelang *Banaag at Sikat* ni L.K. Santos, sumulat
ng walang tugma’t súkat (“**malayang taludturan**” ang naging tawag ngay-
on) si A.G. Abadilla bukod sa sumulat ng isang napakaseksuwal na nobela,
Ang Pagkamulat ni Magdalena katulong si Elpidio Capulong. Ipinaliwan-
ag pa ni A.G. Abadilla ang kaniyang programa ng rebelyon sa “Ang Tula”

noong 1938, na tinawag niyang “tugmang sanaysay,” at tahasang inialay kay L.K. Santos kalakip ang mapagbironong pag-asa na “maitago ito sa kalupi” ng “Paham ng Wikang Tagalog.” Narito ang unang saknong ng “pangaral” niya kay L.K. Santos:

Sa akin,
Itinatanong mo
Ang tula kung ano...
Subali
Ang bulong ko kaya't tinig na mahina'y
Makapukaw na rin sa tulog mong diwa?
Sa akin
Kung gayon,
Muli mong itanong kung ano ang tula.

Ang sumunod na mga saknong ni A.G. Abadilla ay mga paraan ng pagtukoy niya sa kung ano ang tula ngunit kasalungat ng mga inaakala niyang turing sa tula ni L.K. Santos. Nilinaw pa niya sa isang sanaysay noong 1967 ang isinagawang himagsik laban sa pinalaganap na “Kodigo ng Tugma’t Súkat”: “Makikita... ang maliwanag na pagtatangka naming masira ang pinagkagawiang pagtugma ng mga makata natin. Kinusa namang paiklin ang ilang taludtod (sa halip na pare-pareho ang sukat) sa palagay na sa pamamagitan ng gayon maaaring masira ang lakad-sundalong-sabay-sabay-na-lagpak-ng-paa ng karaniwang tugma. Gumawa kami ng rima, di maikakait, subali’t madalas ay may patlang at napapatlanganan ng mga taludtod na hindi karima ng sinundan o ng sumunod. Kawikaan nami’y sa pamamagitan niyan maaaring tumunog na karaniwang *salitaan* ang mga talata o taludtod na pawang may sukat bagaman di magkakatulad.” Tinutukoy ng kaniyang “karaniwang *salitaan*” ang impormal at kumbersasyonal, na di-marangal, bulgar, at malimit pang malaswa alinsunod sa pamantayan ni L.K. Santos. Hindi kataká-taká na wika ang malaking bahagi ng ipinanutalang pagbabagong Modernista sa “Kagandahan” sa loob ng ika-20 siglo.

Ang mga naturang pahayag ni A.G. Abadilla ay nangangailangan ng bagong paglitis sa wika at sa kinakatawan nitóng kamulatan hindi lámang bilang himagsik sa nakatatandang henerasyon nina L.K. Santos kundi mag-ing sa persepsiyon ng henerasyon ni A.G. Abadilla sa nagdaang pananakop na Español at sa kasalukuyan noong pananakop na Americano.

Kagandahang Walang Kasaysayan

MULA SA PAGSIPAT natin ngayon ay maaaring ituring na isang reaksiyon din ang Modernismong pinangunahan ni A.G. Abadilla sa problematika ng “Kagandahan” dahil sa binansot na diwa ng Himagsikang 1896 at matagumpay na pananakop ng mga Americano. Higit nang nakinabang sa edukasyong Americano ang henerasyon ni A.G. Abadilla samantalang nakararamdam ng matinding pagsikil mula sa pinaiiral na Awtoridad ng mga Balagtasista. Nakita rin nilá ang posibilidad ng kabaguhang idinudulot ng Americanisasyon, isang bagay na ganap namang pinagpipikitan ng matá ng mga Balagtasista, kayâ kinailangan niláng repormahin ang kung anumang taglay din niláng makabayang simulain at igiit ang Modernismo bílang isang higit na praktikal at isang higit na kabutihan para sa makabagong “Kagandahang” Filipino. Ito rin, sa ibang salitâ, ang ideolohiya ng naging dominanteng politika sa lipunang Filipino sa loob ng nakaraang ika-20 siglo.

Inuntol ng Modernismo ang dominasyong Balagtasista, ngunit hindi nitó sinariwa ang makabayan at mapagpalayang diwa ng Himagsikang 1896. Sa halip, ang usisa ni Balagtas hinggil sa “mapaglilong kagandahan” ay naging fulkrum tungo sa sari-saring pagdistansiya palayô sa pamantayang etikal ng “Kagandahan.” Modelo mismo si A.G. Abadilla sa gawaing ito. Ang malimit niyang pag-aalay ng papuri sa “**kagandahang hubad**”—na maaaring halaw sa Romantisistang pagpangarap sa *noble savage*—ay mabilis maipapakahulugang pagsalungat sa isang “Kagandahang” nagdudulot ng kabutihan na binigyang-diin ng kolonyalismong Español at nagpatuloy na patnubay ng panitikang Propagandista’t Katipunero at hanggang sa kapanahong mga Balagtasista. Ayaw niya ng anumang ideolohiyang pampolitika, ayaw niya ng teknolohiya at ng “pagkukumagkag” para isúlong sa lungsod ang makasariling interes, lalong ayaw niya ng mga bolahan kahit sa hanay ng mga alagad ng sining. Lalong ayaw na ayaw niya ng ipokrito sapagkat lagi niyang mithi ang “katapatan” at damdaming “payak”—na kaagapay ng kaniyang “kagandahang hubad.”

Dahil na rin sa kapanabay na “estetisismo” ni Jose Garcia Villa—ang lider na Modernista sa panitikan natin sa Ingles—ang lunggating “kagandahang hubad” ni A.G. Abadilla ay ipinagkamali ng mga kapanahon sa mithing “Sining alang-alang sa sining”—ang lumaganap na etiketa para sa “Kagandahang” nagtatakwil sa hibo ng politika, at higit pa, nakaukol lá-

mang ang paglikha sa pamantayang “nakalulugod.” [Bago ko makalimutan, isang etiketa ring mula sa Kanluran ang naturang etiketa.] Siyempre, angkop na pambukod ito sa inaakalang pagsalungat niya sa mithiing politikal ng mga Balagtasista. Hindi natatapat ng naglalapat ng etiketa na higit na politika ng wika kaysa wika ng politika ang sanhi ng tagisan ng mga Panitikero sa pamumunò ni A.G. Abadilla at ng mga Balagtasistang kahanay ni L.K. Santos. Ang totoo, maliban sa ilang sagad-sa-butong Amboy, ikapopoot ng sinuman sa magkabilâng panig na libaking alagad ng Americanisasyon at igigiit ang makabayang sandigan ng kaniyang pagtula.

Gayunman, kapansin-pansin ang mga pangungusap na maaaring ipakahulugang paghahangad ng ikalulugod lámang sa paglikha. Kapansin-pansin ito sa mga Modernistang manunulat at artist na naakit ng mga kilusang makabago sa Kanluran at lubhang nagpapahalaga sa indibidwalistang pagpapahayag. Halimbawa, ang teatrong absurdo. Ang abstraksiyonistang pintura. Ang surreal. Ang ekspresyonistang eskultura. Handa rin siláng ipagmalaki ang pinag-aralan sa Europa at Estados Unidos. Hitik ang kanilang wika sa bokabularyong pangkritisismong nasimsim mula sa mga banyagang sanggunian. Ngunit muli, bukod sa iilan na isinaloob ang posturang kosmopolitano, malakas ang saloobin sa kanilang hanay na lusawin ang banyagang oryentasyon sa ilog at lawa ng pambansang karanasan. Paglimian halimbawa: Bakit sa hanay ng mga Modernista hinugot ang mga unang propeta ng “panitikan mula sa masa, para sa masa” pagsiklab ng makabayang aktibismo sa bungad ng dekada 70? Bukod kay Amado V. Hernandez, nasaan ang mga Balagtasista sa panahon ng Unang Sigwa ng aktitibismo? Dahil ba tumanda na ang mga nabubúhay pang kapanahon nina Jose Corazon de Jesus? Sa kabilâ ng muling-pagkabuhay ng pamantayang makabayan mula sa nabansot na Himagsikang 1896 ay kahina-hinala ang matagal na pagbabantulot ng mga Balagtasista upang digmain ang “Imperyalismo, Piyudalismo, Burukrata-Kapitalismo” na iniwang pamana ng kolonyalismong Español at Americano.

Ibig ko ring balikan sa dakong ito ang ipinambungad kong pahayag hinggil sa ahistorical na pagtuturing sa “Kagandahan.” Maliwanag na marahil sa aking pagsipat ang henealohiya ng bawat isa sa mga pangunahing pagtingin sa “Kagandahan” sa kasalukuyan. May pinagmulan ang bawat binhi ng mga naturang pagtingin, malimit na mula sa Kanluran—o ang ibig kong sabihin, sa abot ng aking kaalaman sa ngayon ay may kakayahan lá-

mang akong buklatin ang mulaang Kanluranin at nag-aalinlangan pa sa akong munting impormasyon hinggil sa mulaang Asiano—may nag-alagang panahon at dominanteng pangangailangan ng panahon, at kayâ hindi dapat ituring na tila bathalumang isinilang nang ganap mula sa kilay ni Zeus.

Halimbawa, may isang sanaysay si Gemiliano Pineda na may pamagat na “Kagandahan, Pag-ibig at Pangako” at nangangatwiran laban sa paniwalang ang kagandahan ng babae, pag-ibig ng lalaki, at pangako ng politiko ay hindi dapat pagtiwalaan dahil tiyak na hindi magtatagal. Kung totoo man diumano ang nabanggit ay dapat isaalang-alang ang halaga ng bawat isa sa isang takdang panahon. Inisa-isa niya ang idinudulot na mga kabutihan ng kahit pansamantalang kagandahan ng babae, at iginiit na:

Oo nga’t ang kagandahan ay kumukupas, kagaya rin ng bulaklak na nalalanta at nawawalan ng halimuyak. Nguni’t sa panahon ng pamumukadkad ng isang bulaklak ay nakapagdulot ito ng kaligayahan sa maraming mga puso at nakaakit ng mga ngiti sa mga labi. Ang kagandahan ng isang babae ay kadluan ng inspirasyon ng mga makata, manunulat at pintor; iyon ang talang maliwanag na ang tanglaw ay pumatnubay sa landas ng maraming nakikipagsapalaran. Ang panghalina ng babae ay nakakapara ng malamig na hanging du(ma)rampi sa pawisang mukha ng isang naglalakbay.

Alisan mo ng kagandahan ang kababaihan ay para mo na ring inalisan ng mga bituin ang bughaw na kalangitan.

Isang nakatutuwang ehersisyo sa pamimilosopo ang sanaysay ni G. Pineda. Ngunit tigmak sa namamayaning pagtanaw sa “Kagandahan” ang kaniyang argumento. Kaagad mahihiwatigan ang dominanteng pag-uri sa “Kagandahan” bílang babae at bílang “kadluan ng inspirasyon.” Ang pagbanggit dito bílang isang bulaklak ay isang de-kahon at gasgas nang hambingan. Nakatampok sa kaniyang argumento ang pamantayang “nakalulugod.” Wika nga ng isang makatang Romantisista sa Ingles: “*beauty has its own excuse for being.*” Nabása tiyak ni G. Pineda ang naturang napakapopu-

lar at tila kawikaan nang pangungusap at tiyak ding ikinalugod niya batay sa kaniyang takbo ng pag-iisip sa sanaysay. Subalit may pagsisikap din si G. Pineda na tumulay tungo sa pamantayang “kasiyá-siyá.” Ang “Kagandahang” lugod ng matá ay nakapagbibigay din ng kabutihan bukod sa “kadluan ng inspirasyon.” Nagiging patnubay ito sa paglalakbay, ulat niya, at tumitighaw sa págod.

Sa kabilâng dako, hindi isang inosente’t impormal na sanaysay lámang ang inilathala ni G. Pineda. Mahihiwatigan sa talakay niya ang hindi ipinakikilalang pagsangkot sa nagtutunggali noong pagtanaw sa pamantayan ng “Kagandahan.” Malaki ang posibilidad na ninanais niyang magbigay ng sintesis, ang pagtutugma sa “nakalulugod” at sa “nakasisiyá” na ninanais din ng maraming kapanahon niyang alagad ng sining, ngunit sa paraang umiiwas makipagdebate o magsagawa ng dibdiban at akademikong prolegomena. Subalit nais kong turulin ngayon na ang ganitong uri ng diskusyon ang nagpapalaganap sa usaping tulad ng “Kagandahan” bílang isang pangyayaring tila **walang-kasaysayan**. Napairal ang palagay na alam **na** ito ng madla, na popular **na**, at sa gayon, ang pagtitig na tulad ng ginawa niya ay hindi nangangailangan ng anumang sipat sa ugat o pinagdaanan, at nangangailangan lámang ng kaukulang resolusyon batay sa kasalukuyang pagtanaw at pangangailangan. Halimbawa, ang bahaging sinipi ko mula sa sanaysay ni G. Pineda ay may hibo ng kontrobersiyang **anyo versus nilalaman**—isang usaping ikinatigatig ng mga manunulat sa Ingles na sumunod sa palitan ng opinyon ukol dito nina Jose Garcia Villa at Salvador P. Lopez bago magkadigma, at pana-panahong patuloy na nagmumulto sa sirkulo ng mga alagad ng sining hanggang sa ating panahon—ngunit hindi niya táyo binibigyan ng kahit munting sulyap sa kasaysayan. Parang ang tunggalian ay isang kagaganap na pangyayari, isang mainit na tsismis na dapat kutkutin sa *What’s the Buzz* o isang “nagbabágang” alingasngas na dapat mabilisang ibalita ng Radyo Patrol, at ang kaniyang sanaysay ay isang boto para sa isang binuksang *public survey* na matatapos sa araw ding ito, isa lámang numero sa magiging pangkalahatang bilang ng kaniyang panig na maaaring manalo o matálo, isang resulta na maaaring paniwalaan o hindi ng madla, at tapos **na**. Búkas, maaaring iba naman ang pag-usapan ng sambayanang sumusubaybay. O kayâ, búkas, maaaring may ibang tumalakay sa natapos na paksa ng survey at maaaring magkaroon muli ng survey at maaaring iba naman ang maging resulta kaysa nagwagi ngayon.

Ang ibig sabihin, ang paraan ng diskusyong katulad ng sanaysay ni G. Pineda ay hindi makatutulong sa ating binubuklat na katangian ng “Kagandahan.” Siyempre, pribilehiyado ang titig natin ngayon sa sanaysay ni G. Pineda dahil nakalutang ito sa pagpangitain natin ng nagdaan nang kasaysayan. Tinititigan natin ito nang may “distansiya,” wika nga sa estribo ng dyipni, dahil may panahon nang namagitan sa petsa ng pagkalathala ng kaniyang sanaysay (1967) at sa pagtitig natin ngayon. Pribilehiyado rin ang titig natin dahil napapatnubayan ng isinagawa nating sipat sa kasaysayan ng “Kagandahan” sa loob ng mahabang panahon ng ating nakasulat at nakalimbag na panitikan.

Paano kung malí o baluktot ang ating sipat?

Walang masamá. Kayá laging may puwang para sa muling pagsulat ng kasaysayan. Walang-hanggan ang posibilidad para sa Pagwawasto samantalang aktibo at malusog ang saliksik. Hindi aktibo lámang kundi “malusog.” May aktibong uri ng saliksik ngunit may kimkim na sakiting layunin. “Malusog” ang saliksik na hayagan, maingat, at nag-aadhikang magdagdag ng kaalaman upang higit nating malirip ang katotohanan ng “Kagandahan.” Walang isang Sipat na may monopolyo sa katotohanan. Ngunit kailangang isagawa ang sipat, at kung maaari’y isang bago at muling sipat, bago ang anumang titig upang maging higit na mayaman sa gunita ang titig, upang magkaroon ng sapat na batayan at tatag ng kalooban ang titig, at upang maging masigasig ang titig sa pagbuklat at pagsisiyasat sa mga dominanteng sapin ng kamalayan.

Kahit ang nais na “wasto” at “marangal” ni L.K. Santos ay kailangang isaalang-alang sa kinapalooban nitóng panahon sa kasaysayan. Bakit ba itinuring niyang malaswa ang “langaw” at “pulut” bílang hambingan ng pag-irog? Batay sa isang sipat kanina ay bunga ito ng maaaring hindi niya namamalayang pagdausdos pabalik sa katangian ng “Kagandahan” na naiiralan ng pamantayang banyaga at kolonyal. Ano ba talaga ang hindi “wasto” at “marangal” sa naturang paghahambing? May kasaysayan ba ng pagiging malaswa ang “langaw” at “pulut?” Mabilis nating magugunita ang karima-rimarim sa langaw bílang tagapagdála ng karamdaman, gamitin man natin ang kaalamang sinauna ng mga arbularyo o ang imbestigasyon ng agham. May kamandag na lagda ang “halik” ng langaw at totoong hindi maitutulad sa nararapat na kabanalan ng pag-irog, alinsunod sa batayang Kristiyano. Ngunit ang “pulut”? Ni wala akong maapuhap

na masagwa sa teknikal na literatura ng pulut. Sa ating panahon ng Organiko, inirerekomenda itong higit na masustansiyang pagkain kaysa asukal mulang tubó. Inimbento nga ang “pulutgatá” upang pagbuklurin ang malinamnam na katangian ng pulut at gatá tungo sa pagpapahiwatig ng walang-kahulilip na kaligayahang dapat tamasahin sa unang mga gabi’t araw ng ikinasal. Ngayon, hindi kayâ nagnanais bumuo ng bagong talinghaga ang makatang sumulat ng taludturang kinokondena ni L.K. Santos? Maaari. Hindi kayâ ninanais niyang magdulot ng himagsik, himagsik sa pamamagitan ng eksaheradong pagtatanghal sa “pag-irog ng langaw sa pulut”? Maaari. Himagsik ito upang ligaligin ang pihikang damdamin ng tulad ni L.K. Santos. Gayunman, hindi kayâ ang di-pagtanggap ni L.K. Santos sa talinghaga ay may kaugnayan sa ginamit na tayutay ng makata? Mapagmalabis ang paghahambing. Tinatawag itong *hyperbole* sa retorikang Griego. Na isang matanda na’t nakamihasnan ding paraan ng pagpapahayag sa Filipinas. May nakakita ng ahas at ipagmamalaking “gahita ang ahas” upang manggilalas ang mga kanayon. Ang mumunti ay pinalalaki ng tsismisan sa baryo. Marahil, nása likod ng isip ni L.K. Santos ang ganitong “bisyo” sa tradisyonal na pagpapahayag, wika nga’y luma na at promdi, lubhang kulang sa panukatan ng ninanais niyang repinado at urbanisadong wika, kayâ hindi niya mapahalagahan ang ngayo’y posibleng purihin naman nating senyal ng “madilim” na pagpangitain sa modernong búhay.

Itinatanghal sa atin ng sipat sa panahunan ng pahayag ni L.K. Santos ang hangganan ng kaniyang pamantayan ng “Kagandahan” bílang kodigo at batayan ng Awtoridad. Ang kapangyarihan ng ganitong Awtoridad ay “nabubulag” sa naiiba at kakatwa—na maaaring hudyat ng orihinal at kinakailangang banyuhay ngunit napagkakamalan ng katulad niya na paglabag sa batas—at laging nakatakdang paghimagisikan ng nagsusúlong ng pagbabago.

Paglikha Bílang Pagsisilang

MAKIKINABANG NAMAN táyo sa pagsisikap ni L.K. Santos na pagsanibin ang talinghaga at kariktan (o “Kagandahan”) at ituring itong kaluluwa ng paglikha. Makabuluhan, lalo na, ang pagtukoy niya sa talinghaga bílang ang itinuturing kong “mapagbuong simulain” at pinagsanib na mga karanasan at materyales na kinasangkapan ng makata sa paglikha ng “Kagan-

dahan.” Ang ibig sabihin, “Kagandahan” ang layunin ng talinghaga. O ibig sabihin pa, isinisilang sa paglikha ng talinghaga ang “Kagandahan.”

Isang paghahambing ang ginamit ko sa “isinisilang.” Inihahambing natin ang proseso ng paglikha sa “**pagsisilang**”—ang buong panahon at mga hakbang na kailangan mula sa paghahasik ng binhi sa sinapupunan, pagkakahugis ng nililikha, hanggang sa paglabas nitó na isang sanggol. Isang lumang paghahambing na ito. Ngunit hindi natin gaanong pinakikinabangan sa pagdalumat sa “Kagandahan.” Malimit kasing nakatitig lámang táyo sa **tapos na**, sa isinilang na anak—ang “Kagandahan”—kayâ malimit ding tigib táyo ng panggigilalas sa anyubog nitó. Narito ang ugat ng nakamihasnan ding pagtuturing sa talinghaga bílang “hiwaga” (*misterio*). Mahiwaga ang paglikha dahil hindi natin sinisiyasat ang mga naganap sa “pagsisilang” ng “Kagandahan”—ang mga pinagdaanang hakbang ng “mapagbuong simulain,” ng pagkilos ng talinghaga, bago ipinanganak na “Kagandahan.”

Ang “pagsisilang” ang kasaysayan at layon ng sipat. Na sa panig ng talinghaga ay nangangahulugan ng pagpili sa mga angkop na materyales at pagpapasiya kung paano kikipilin ang mga materyales na napili tungo sa pangarap na nilikha. Dalawang tanong samakatwid ang sinasagot ng sipat. Una, ano ang mga kailangang sangkap sa gagawing paglikha? Ikalawa, paano huhubugin ang mga tinipong elemento? Sa ganitong paraan ng pag-uusisa ay natatanggal ang mistikal na belo kapag tumitig sa “Kagandahan.” Hindi ito “hulog ng langit” at lalong hindi isang “inspirasyon” o “makalangit na kabaliwan” (*divine madness*) mula sa mga Diwata at Musa. Sa halip, mula ito sa daigdig at panahon ng makata, mula sa kaniyang *cultura integral*, mula sa mga kongkretong sangkap ng búhay at pinagdaanan ng makata.

Lumilitaw din sa atin ngayon ang tunay na saligan ng kadakilaan ng makata bílang manlilikha at ang tunay na saligan ng “Kagandahan” bílang katotohanan.

Magandang balikan ang isang alamat sa Panay hinggil sa paglikha ng bagay-bagay sa santinakpan. Sang-ayon sa alamat ay nagmula sa walang-anyong kawalan ang mga bathalang sina Tungkung Langit at Alunsina at ang tahanan nilá nang maging mag-asawa ang unang pook ng kaayusan at kapayapaan sa santinakpan. Ngunit nag-away ang mag-asawa at iniwan ni Alunsina si Tungkung Langit. Ang pangyayaring ito ang nagdulot ng kalungkutan sa santinakpan sa kabilá ng kapayapaan at kaayusan. Lubhang nangulila si Tungkung Langit dahil sa matagal na paghihintay kay Alunsi-

na. Naisip niyang likhain ang dagat upang maging salamin at doon hintayin ang paglitaw ng naglayas na asawa. Hindi lumitaw ang imahen ni Alunsina sa dagat. Sa buwisit, bumabâ si Tungkung Langit at lumikha ng lupa, at upang maaliw, nilagyan ang lupa ng mga hayop at halaman. Sa laot ng lungkot, tinipon niya ang mga hiyas ng asawa at isinabog sa langit sa pag-asang bumalik ang asawa kapag nakita ang mga ito. Ang kuwintas ni Alunsina ang naging mga bituin, ang suklay ang naging buwan, at ang korona ang naging araw.

May higit pang malumbay na karugtong ang alamat. Ngunit nais kong huminto sa paggunita ng salaysay at pagmunian natin ang naganap na paglikha. Matingkad sa alamat na ito ang mga tinalakay nating pangyayari sa proseso ng “pagsisilang.” Higit pa, sapagkat ipinanukala ng alamat na ito ang pangangailangan ng isang **sanhing lunggati** upang lumikha. Hindi basta naisip ng bathala, tulad sa ginaganap sa maraming alamat, na gumawa ng mga nilikha para mapunô ang walang-anyong kawalan. Sa halip, bunga ng masidhing pangungulila ang mga paglikha ni Tungkung Langit. Sasabihin natin ngayon, ang pangungulila ng manlilikha sa isang pangarap na anyo. Ang pangungulila ng manlilikhang si Tungkung Langit sa pinapangarap na anyo ni Alunsina. Sa gayon, ang mga nalikha sa santinakpan ay may mithing sumagot sa layunin ng paglikha, lalo na sa unang nilikha—ang dagat upang doon salaminin ang inaasahang pagbabalik ng pinapangarap na anyo. Ang pangwakas na kalipunan ng mga nilikha, ang mga lawas pangkalawakan, ay hindi rin mula sa wala; sa halip, hinugis ang mga ito ng haraya mula sa mga tunay na materyales—ang mga naiwang alahas ng asawa.

Ang paggunita ko ngayon sa alamat ni Tungkung Langit bílang manlilikha ay isang paraan ng pagpapatibay sa haka ng “pagsisilang.” Nahiwatigan na noon pa ng ating mga ninuno ang buong kasaysayan ng paglikha at lubhang makabuluhan ang pagtatampok sa pangungulila bílang sanhi ng paglikha. Ibang-iba ito sa mga karaniwang alamat ng pananaginip sa isang “Kagandahan” ng isang manlilikha dahil higit na materyalista ang batayang damdamin ng pagkilos ni Tungkung Langit. Dagdag pa, ipinahihiwatig sa alamat ng Panay ang posibilidad ng paglikha ng “anak” na iba sa sanhi ng paglikha. Sa karaniwang alamat, ang produkto ng paglikha ay isang repleksiyonistang kaganapan ng pinangarap. Nangarap ng isang binibini ang isang eskultor at sinikap niya itong buháyin sa pamamagitan ng isang estatwa. Itinangi ng isang pintor ang isang dalaga at idinambana niya ang

“Kagandahan” nitó sa isang larawan sa kambas. Namighati ang isang mandudula dahil sa pagkamatay ng kaniyang pamilya sa digma at isinulat niya ang isang dula laban sa karahasan. Hindi ganoon si Tungkung Langit bílang manlilikha. Nilikha niya ang dagat upang hintayin doong lumitaw ang imahen ni Alunsina. Nilikha niya ang mga bituin, buwan, at araw upang maging palatandaan ng “Kagandahan” ng asawa. Kung ninais ng alamat ng Panay na ipakita ang paglikha bílang katapatan-ng-nilikha-sa-pinangarap, hindi ba’t higit na dapat nilikha ni Tungkung Langit ang kahit isang imitasyong anyo ni Alunsina? Kung gayon ang nangyari, hindi papasok sa isip ni Tungkung Langit ang paglikha ng dagat, lupa, at mga lawas pangkalawakan. O kayá, kailangan niyang pangulilahang isa-isa ang mga ito upang mailikha ng katapat na anyo.

Taglay ng imahen ni Tungkung Langit ang kadakilaan ng manlilikha. Nag-iisa sa walang-anyong kawalan (marahil, ang orihinal na “Toreng Garing”?) ngunit dahil nairalan ng isang masidhing sanhing lunggati ay kailangan niyang lumikha upang baguhin ang kaniyang daigdig o katayuan. Siyempre, tinutukoy natin dito ngayon ang makatuturang paglikha at hindi iyong produkto ng kawalang magawa, pagsasabóg, paglilibang, pangangarap nang gising, atbpang katulad na gawain. May sapat siyáng kapangyarihan bílang bathala, lalo na bílang bihasa sa “nakamihasan” —ang kailangang edukasyon upang mapatnubayan ng kasaysayan at tradisyon ang kaniyang “pagsisilang.” Bahagi rin kaipala ng kaniyang kakayahan bílang bihasa ang kadalubhasaan sa kaniyang sining—ang angkop na kasanayan at kaalaman sa iba’t ibang aspekto ng kaniyang pinasok na larang, ang kailangang *techne*, sa wika ng mga Griego, ngunit higit na nangangahulugan ng pagkakaroon ng malusog na “sarili” sa wika ng ating mga ninuno.

Ang “**sarili**” ang taal na “puhunan” ng tao-manlilikha at ang pangunahing puhunan ay ang mga talino’t kakayahang kaloob ng kaniyang pagkalikha, ng wika nga ni A.G. Abadilla’y kaniyang “kabathalaan,” ng halimbawa’y “sariling bait” upang malining ang tama o malí at ng “sariling pag-iisip” upang mapigil ang malahayop na silakbo ng damdamin. Ang “sarili” ang tulad ng puhunang ekonomiko ay tumutubò at nakikinabang sa bawat karanasan at inter-aksiyon sa nagsinang mundo, pinalalago at pinayayaman ng panahon, natututo sa kirot at sugat ng tunggalian, nakabukás sa pangangarap at pangitain. Ang “sarili” ang malikhaing kapasidad ng manlilikha, ang mga sangkap na ipinagkakaloob sa binhi ng isisilang, bukod

sa ito rin ang sustansiyang ipinangangalaga sa binhi sa buong panahon ng paghubog tungo sa kagampan. Ang “sarili” ng manlilikha ang pinakamalaking bahagdan ng kaganapan ng pagsisilang, ang saligan ng kadakilaan o kapahamakan ng isinilang na likhang “Kagandahan.”

Materyalistang Saligan

TINUTUKOY, SA WAKAS, ng buong proseso ng paglikha bílang pagsisilang ang tunay na saligan ng “Kagandahan,” na walang iba kundi ang katotohanan. Pansinin kaagad na kailangang isulat ko ang “katotohanan” nang may maliit na titik. Upang ibukod ito sa Katotohanan bílang Awtoridad. Upang ipahiwatig ang katangian nitóng pambalana, naaabot ng karaniwang pagpapahalaga, at nagagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang katotohanan ang garantiya ng pangkalahatan, kung hindi man ng pangkaramihang kabutihan, at isa sa gantimpala nitó sa atin ang “Kagandahan.”

Magandang muling alalahanin sa dakong ito ang ika-41 saknong ni Balagtas. Ipinamamalay noon pa ng salitâ ni Florante na katotohanan ang saligan ng tunay na “Kagandahan.” Iyon ang pangunahing implikasyon ng kaniyang pagtatakwil sa naranasan niyang “paglililo” ng “Kagandahan.” Hindi totoo ang “Kagandahan” kapag naglililo—nagtataksil, nanlilinlang, o kahit napaghihinalaan ang katapatan. Ang “Kagandahan,” tulad ng katotohanan, ay kailangang matapat at matibay. Sa ganitong pagtingin, ang “Kagandahan” ay higit kaysa bulaklak na kumukupas ni G. Pineda. Ang katotohanan ng “Kagandahan” bílang bulaklak ay hindi ang pagkupas ng bulaklak kundi ang pagiging bulaklak ng bulaklak, ang pang-akit na idinudulot ng bulaklak sa sandali ng pamumukadkad, na siyang sanhi at layunin ng pagiging bulaklak nitó. Nilikha ang bulaklak bílang “Kagandahan” hindi upang kumupas kundi upang maging nakalulugod at nakasisiyang bulaklak. Ibang katotohanan ang pangyayaring kumukupas ito, isang pangyayaring maaaring kaugnay rin ng “Kagandahan,” ng pangyayaring walang permanente’t unibersal na “Kagandahan,” ngunit iba kaysa katotohanan ng paglikha sa bulaklak bílang isang “Kagandahan.” Kung tutuusin, nagaganap ang pagkupas ng bulaklak bunga rin ng mga di-permanenteng sangkap sa naging paglikha sa bulaklak, ngunit sapagkat ang kaakit-akit na pagbukad nitó ang higit na layuning katotohanan sa “Kagandahan” ng bulaklak at hindi ang higit na pagtatagal bílang bulaklak na halimbawa’y *paper roses*.

Ang ibig ko pang sabihin, may ibang katotohanang nais patunayan ang “Kagandahan” ng *paper roses* at iba sa katotohanan ng bulaklak na tinukoy ni G. Pineda. Ang totoo, ang “Kagandahan” ng katotohanan ng *paper roses* bilang nagtatagal na bulaklak ang patuloy ngayong pinaunlad ng teknolohiya upang bukod sa bulaklak na nagtatagal ay maabot pa ng artipisyal na bulaklak (ang *paper roses*) ang ibang katangiang ikinapaging-bulaklak ng natural na rosas kapag bumukad sa hardin. Maaari ngang dumating ang paglikha ng artipisyal na bulaklak sa yugto ng “Kagandahan” na hindi iginagawad sa “kariktan” ng natural na bulaklak.

Nais ko namang samantalahin, sa dakong ito, ang kailangan kong ipaliwanag na higit kong hilig gamitin ang salitang “kagandahan” kaysa “kariktan” na higit namang priyoridad ni L.K. Santos. May ganda ba ang “ganda” na wala sa dikit ng “dikit”? Kung babalikan ng bokabularyo ni Fray Francisco de San Antonio (1624), ang unang paliwanag ng misyonero tungkol sa *dicquit* (gayon ang ispelang nilá noon sa “**dikit**”) ay walang pinag-ibhan sa pangkalahatang katangian ng “ganda.” Ngunit idinagdag ni Fray San Antonio ang dalawa pang pakahulugan: una, ang “dikit” na bunga ng pagkakaroon ng apoy (*encender fuego*); ikalawa, ang “dikit” na naglalarawan sa pagkapit o paglapat ng isang bagay sa isa pa (*pegar*), lalo na sa tulong ng kola o anumang malapot na dagta. Mga katangian o kahulugan ito ng “dikit” na wala sa “ganda” ngunit mga katangian, lalo na ang ikalawa, na hindi kailangan ng “Kagandahan.” Ang unang kahulugan hinggil sa apoy ay nagpapatindi rin sa pagtuturing sa kariktan bilang katangiang biswal at hindi maisasaklaw sa katulad na kagandahan alinsunod sa ibang pandamá. Halimbawa, maganda at marikit ang kulay ng talulot at ng bahaghari. Tinatanggap ding marikit ang magandang tugtugin. Ngunit hindi karaniwan ang paglalarawan na marikit ang maganda dahil makinis ang rabaw ng tabla. Malimit ding marikit ang maliliit ngunit nakapag-aalinlangang tawaging marikit ang kahit isang magandang higanta.

Mula naman sa siniyasat nating trabaho ng manlilikha ay mahihiwatigan na ang katunayan ng paglikha ang nagpapaging-totoo sa “Kagandahan.” Siyempre, may iba’t ibang uriang “mababaw/malalim” ni L.K. Santos. Ngunit higit na kailangan nating alalahanin ang posibleng uriang na salig at mula sa “mapaglilong Kagandahan” ni Balagtas. Mula kay Balagtas ay maaari nating ipahayag na ang higit na mataas na uri ng katunayan ang lumilikha ng higit na totoong “Kagandahan.” Sa praktikal at utilityong pamantayan,

ang higit na mataas na uri ng katunayan ay maaaring mangahulugan ng tinatawag na “kabuluhan,” maging tinapay man o baril, sa pangangailangan ng lipunan. Maaari, bakit hindi? Subalit hindi nagiging totoo ang “Kagandahan” dahil naging tinapay o naging baril, dahil nakatighaw sa matinding gútom ng sambayanan o naging sandata sa pagtatanggol ng karapatan ng mayoryang inaapi; sa halip, nagiging totoo ang “Kagandahan” dahil totoo ang naturang pangangailangan at layunin sa paglikha. Magkagayunman, hindi iyon ang palagiang layunin ng “Kagandahan” bukod sa maraming katotohanang maaari at kailangang paglingkuran ang “Kagandahan.”

Narito ang demokratikong sandigan ng katotohanan na iba sa Katotohanan ng Awtoridad. Nag-uutos ng ganap na paglilingkod ang Katotohanan ng Awtoridad, nagpapaturing-sa-sarili na nag-iisang Katotohanan. Sa gayon, laging itinuturing ng Katotohanan bílang Awtoridad ang “Kagandahan” bílang ordinaryong kasangkapan—tulad ng alipin, nilikha upang maglingkod—at walang ibang posibilidad. Para ngang tinapay o baril lámang, at wala na. Ni hindi maaaring maging bulaklak. Ngunit gaano katapat at gaano katibay ang “Kagandahang” likha ng gayong Katotohanan bílang Awtoridad? Naalala ko ang mga pelikula ng siyudad sa hinaharap na hitik sa makakapal, matataas, at itim-at-puting pader. Sagana naman marahil sa tinapay ang mamamayan. Subalit maligaya kayâ?

Dahil nag-aatas at naghihintay lagi ng paggálang at pagsunod ang Katotohanan bílang Awtoridad ay malimit itong tuyaing “moralismo”—ipinatuturing ang sarili bílang hindi maaaring suwaying Kapangyarihan at napagkakamalan ang sarili na establisado sa habàng-panahon—kayâ malimit na hindi nagiging maláy sa pagbabago ng panahon, at ang mabigat, hindi nagiging maláy sa pagbabago ng itinuturing din nitóng permanenteng kodigo ng “Kagandahan.” Maraming alingasngas hinggil sa “marangal” o “malaswa” sa “Kagandahan” ng likhang-sining ang bunga ng pinaiiral na “Kagandahan” (o moralidad) ng Katotohanan bílang Awtoridad ukol sa likhang-sining na nagpapanukala ng iba o bagong katotohanan. Malimit na ang pagdakila sa “Kagandahan” bílang nagsasarili at tiwalag na hubog ay reaksiyon lámang din sa ganitong mapaniil na Katotohanan bílang Awtoridad. Sa gayon, bílang reaksiyon pa lámang ay isinilang na ang naturang nagsasariling hubog mula sa isang materyal na katunayan—ang pinaghihimagsikan nitóng Katotohanan bílang Awtoridad—at kahit itanghal lámang ng makata o pintor sa loob ng kaniyang pribadong silid ay bahagi pa rin ng materyal na mundo ng kaniyang silid.

Hindi saklaw ng kasalukuyang paghahambing ng “Kagandahan” sa pagsisilang ang pagtimbang sa bigat o gaan ng katotohanang nagsisilang sa “Kagandahan.” Isa iyong maselan at matagal na pagsisiyasat. Maraming pananaw noon at ngayon at di-maiiwasang bahagi ng pagsisilang ang gayong politika. Marahil nga. Napakahirap timbangin ang hindi “mapaglilong Kagandahan” na batay sa isang matapat at matibay na katotohanan. Malimit na pinaslang na ang “Kagandahan” bago napatunayang “mapaglilo” ang nagsilang at nilitis na Katotohanan. Sa ibabaw ng lahat, pinatutunayan mismo ng gayong diktadura ng Katotohanan bílang Awtoridad ang matalik na pagsasalig ng “Kagandahan” sa katotohanan. Nililikha ang “Kagandahan” mula sa katotohanan at para sa katotohanan. Nakasalig sa katapatan at tibay ng pinagsaligang katotohanan ang katapatan din at tibay ng “Kagandahan” upang magdulot ng kabutihan at pakinabang.

Sa ibang pangungusap, ang nakalulugod at nakasisiyá bílang mga pamantayan ng pang-akit ay napatatubayan tuwina ng katotohanang nagpasilang sa nakalulugod at nakasisiyá. Dagdag pa, matalik na nakagabay sa katotohanan ng “Kagandahan” ang ikinalulugod at ikinasisiya ng tumatanggap na madla. Pagkatapos o sang-ayon sa katotohanan ng “Kagandahan” nagaganap ang posibilidad ng idudulot nitóng kabutihan o pakinabang. Hindi kailanman ipinapasiya ng inaakalang Kabutihan ang katotohanan ng “Kagandahan,” at kung maganap man ang ganitong pagkakataón, tulad ng naipaliwanag ko na sa unahan, ay nananatili lámang ang “Kagandahan” alinsunod sa pinaglilingkuran nitóng Kabutihan, at sa gayon ay walang ganap na kalayaan. Nauuna muna ang matatag na pormasyon ng “Kagandahan” bílang katotohanan bago maging kabutihan. Ang “Kagandahan” ang pinakamatingkad na kaganapan ng katotohanan; hindi isinilang upang maglingkod sa katotohanan kundi bílang katibayan ng katotohanan ng katotohanan. Kapag naalipin ang “Kagandahan” ng isang Katotohanan, ng mahigpit na Awtoridad ng isang pamantayang etikal, ang “Kagandahan” ay nagmimistulang puta, mumurahín, komersiyal, at walang-katapatan— isang “Kagandahang” walang-sarili, nakabilanggo ang pag-iral sa pinaglilingkurang Kabutihan, at kasangkapan lámang ng iwi nitóng kasinungalingan.

Sinasalungat din ng pagtanaw na ito ang banyaga’t kolonyal na pagtuturing sa “Kagandahan” bílang babasaging kristal, maselang palamuti, dalisay na aliwan, perpektong kaganapan, atbp, atbp. Mga aspekto ito ng

alamat hinggil sa ahistorical na “Kagandahan” at malimit na hambingan upang pagtibayin ang “Kagandahang” babae at mahinà. Mga katunayan ito ng naging dominanteng banyaga’t kolonyal na sapin ng ating kaisipang pambansa. Sa bukal ding ito natin nainom ang banyaga’t sinaunang pama-hiin hinggil sa “malikhaing sining” na dapat diumanong ihiwalay sa katotohanan at mga usaping may alikabok ng mundo. Ang pormasyon ng “Kagandahan” bílang babae, mahinà, nakaaliw na hubog, o nakapagsasariling kaganapan ay mga mukha lámang ng kabuuang estetika ng kagandahang kailangang idambana sa isang templong nakabukod sa magulong agora, o sabihin nating marungis na liwasan, ng katotohanan at kabutihan.

Ang pagsisilang sa “Kagandahan” ay isang materyalistang pangyayari na naglalahok sa mga materyales ng ating mundo, at naglalayong ibahagi sa ating mundo. Ang tinatawag na “estetika,” sa gayon, na minana natin sa dalumatang banyaga’t kolonyal, ay hindi paglikha ng “Kagandahan” mula sa kawalan at nakalutang sa kawalan. Maaari natin itong tawaging “malikhaing sining:” malikhain dahil nagdaraan sa proseso ng pagsisilang, sining dahil produkto ng sariling bait at muni. [Magandang buklatin sa lumang diksiyonaryo ang orihinal at katutubong kahulugan ng “**sining**.”] Produkto ito ng masalimuot na pagtitipon at paghahaluhalo ng pinagsanib na mga karanasan sa daigdig sa kawali o lansungan ng talinghaga, ang layunin at wakas ng naturang mapagbuong pagsasanib, at inaasahang pagbibigyan ng puwang sa daigdig ng mga dinatnang nilikha bukod sa nilunggating ituring na nilikha sa píling at gitna ng totoong daigdig ng mga pinakikinabangang nilikha. Ang kaganapan o anak ng paglikhang ito ang “Kagandahan” at unang tinawag ng ating mga ninuno na Tula.

Nais ko pang idagdag ngayon na hindi ganap na banyaga’t kolonyal ang tinatawag nating “estetika.” Bagaman hiram na salita, nakatimo sa itinuturing nating “estetiko” ang sinauna’t katutubong kaparaanang malikhain at pumatnubay sa pagsisilang ng tugtugin, tayutay, bul-ul, patalim, pútong, habi, okkir, kulintang, at kahit bahay-kubo bago dumating ang kolonyalistang Kanluranin. Kailangan lámang muling titigan at paglimian ang bawat piraso ng ating sinaunang pamana upang higit nating makilála ang ating sarili. Dili kayâ, at tulad ng proyektong ito sa pagsisiyasat sa “Kagandahan,” kailangang ipakò ang ating pagtitig sa lumang salita, tangalan ng putik at lumot, dalisayin, pagitawin o tuklasin ang lantay na atay ng kahulugan, at pagyamanin/payamaning puhunan ukol sa makabago’t

pangkasalukuyang pangangailangan. Isa itong patuloy at walang humpay na proyekto ng pagtitig sa bawat makaengkuwentrong piraso ng gunita. Titigan halimbawa ang “**gayak**.” Sa Noceda at Sanlucar, nangangahulugan lámang ito ng preparasyon. Ngunit nabubúhay pa ngayon ang mga alingawngaw ng higit ng makabuluhang gawain kapag ginamit ito. Maririnig pa ngayong: “Gumayak ka’t magsisimba táyo.” Hindi ito utos para maghanda lámang sa pagpunta sa simbahan. Ipinahihiwatig mismo ng “gumayak” ang kaukulang pagbibihis ng damit na angkop sa pagdalo sa misa. Maririnig ding: “Dapat igayak ang bahay natin para sa pamanhikan.” Higit naman sa “pagbibihis” ang kailangan sa paggayak ng bahay. Una, dapat maglinis ng tahanan. Ikalawa, dapat isaayos ang lugar at ang mga kailangang gamit (silya, mesa, atbp). Ikatlo, dapat maghanda ng maipakakain sa inaasahang mga panauhin. Ikaapat, dapat maglagay ng kortina, bulaklak, o anumang palamuti. Atbp, atbp.

Nais kong sipatin ngayon ang “gayak” bilang isang natatangi sa karaniwang gawain kapag naghahanda para sa isang aktibidad. Nangangahulugan ito ng isang pagbabagong-anyo. Ang “iginagayak” o “ginagayakan” ay hindi lámang binibihisan at nililinis gaya sa aking ginamit na mga ilustrasyon. Dumadanas ito ng transpormasyon upang maging iba sa karaniwan nitóng anyo o kalagayan. Ang gayak ay isang malikhaing gawain upang maging nakalulugod at nakasisiya ang ginayakan. Nangangahulugan ito ng pagsasaayos ng bagay-bagay, ng mga bahagi o detalye, tungo sa isang adhikang “Kagandahan.” Ang dambanang ginayakan ay nilalagyan ng palamuti (pumpon ng bulaklak, espesyal na tela bilang sapin ng dinadalanginang sagisag, ilaw o kandila, pahiyas, atbp). Gayundin ang tahanan. Ang bukana ng bakod ng tahanan ay tinitirikan ng singkaban o hanay ng mga singkaban. Ang pintuan ay may adornong itinirintas na palaspas ng niyog o pinaglingkis na mga sanga ng kamuning na may mga tusok na bulaklak. May balag na kumot na may pahiyas na mga bulaklak upang masilungan ng mga panauhing hindi magkakasiya sa loob ng bahay. Makikita pa ang ganitong gayak sa mga nayon kapag may kasalan o may nakaburol na patay. Samantala, mapapansing isinanib ito sa Kristiyanismong paggayak sa kapilya kapag pista at kuwaresma at napagkakamalan ngayong dinalá pa—imported—at nilinang para sa atin ng mga misyonero.

Nais ko pang ipanukala ang gayak bilang sining ng pagpapalamuti (o “pagpapamuti”) at may diwang kasalungat ng payak at linear na arkitektura

ng bahay-kubo at katulad. Ang gayak ang estrombotiko't maborloloy na dyipni, tinalak, at sarimanok. At kahit ang sari-saring pinakbet at haluhalo kasalungat ng simpleng paksiw at kinilaw. Hindi kayâ noon ay sining na magkatunggali ang “gayak” at ang “payak”? Tungkulin ng pagpapakahulugang Filipino ang patuloy at walang-humpay na saliksik at paglitis. Sa kaso nga ng gayak at ng payak, anuman ang maging sagot ng pagsisiyasat, hindi sapat ang sinasabi ngayong hiram na *horror vacui* o ang *naif* upang ipaliwanag ang “Kagandahang” Filipino.

Ikalawang edisyon
25 Hunyo 2015